

 **Philippine Biblical Worldview Institute**  
**Certificate in Christian Ministries**

**1400 New Testament History ©**

**Conrad Jun Tolosa**

**Part One: Introduction<sup>1</sup>**

Ang panahon sa pag-itan ng Lumang Tipan at ang kapanganakan ng Panginoong Jesus ay tinatawag na “intertestamental” period. Ito ay naganap mula kay Propeta Malachi, around 400 BC, hanggang sa pagpapahayag ni John the Baptist noong AD 25.

Ang Hebrew community ay dumaranas ng kaparusahan sapagkat alam nila ang mabigat na kasalanan nila na nag-udyok ng paghuhusga sa kanila ng Panginoon. Sila ay hiwa-hiwalay. Bagamat maraming Judio ang nagsibalik mula sa pagkaka-exile nila, marami din ang nanatili sa Persia at ang iba naman ay nanirahan sa Egypt at sa iba pang mga lugar. Ang pangangalat nilang ito ay tinatawag na “Diaspora.” Subalit ang karamihan naman ay hindi tinalikuran ang pananampalataya at pag-asa. Nalalaman nila ang mga pangako ng Diyos sa pakikipagtipan Niya kay Abraham. At naalala nila kung paano silang iniligtas ng Diyos sa pagkaalipin sa Egypt. Nanatili din ang pag-asa na darating ang Messiah na tutupad sa pagliligtas ng Diyos para sa Kanyang bayan.

Sa loob ng 400 years, nasaksihan ng mga Judio ang marahas na mga pagbabago sa mga cultura na kanila ring pinagdaanan. Ang Persian Empire ay namayagpag sa pananakop sa ilalim ni Alexander the Great. Dinala niya rin ang Greek culture o tinatawag na “Hellenism” sa mga lugar na kanyang sinakop kasama na dito ang Middle East.

Pagkamatay ni Alexander the Great noong 323 BC, si Ptolemy, na isa sa kanyang mga Greek Generals, ang namahala sa Palestine at namamahala din sa Egypt. Walang masyadong alam ang mga Ptolemies sa Judea kaya ang mga Judio sa lugar na iyon ay patuloy na naisasagawa ang kanilang religious practices sa ilalim ng kanilang high priest. Ang gawain ng high priest ay nakatuon lamang dapat sa religious purpose subalit dahil walang hari ang mga Judio nang mga panahong iyon, ang kanyang gawain ay naging political symbol na rin.

Ang mga Judio sa Alexandria, Egypt ay umunlad sa ilalim ng pamamalakad ng mga Ptolemies. Subalit kailangan nilang harapin ang bagong kapaligiran nila. Marami sa mga Jewish intellectuals ay nagnanais na ituro sa mga Gentiles ang patungkol sa history ng mga Hebreo. Sinubukan naman ng iba na pagsamahin ang biblical religion at pilosopiya.

Isa pa sa mga generals ni Alexander ay si Seleucus. Siya ay namuno din sa isang empire na umabot sa western coast ng Asia Minor (modern Turkey) hanggang sa Babylon na lumagpas pa sa Silangan nito. Ang capital ng Seleucus Empire ay sa Antioch, Syria na nasa Hilaga ng Palestine. Ito ay naging challenge sa Ptolemaic rulers hanggang ma-occupy ni Antiochus III, isang Seleucid ruler, ang Palestine noong 198 BC.

Naapektuhan agad ang mga Judio sa mga pagbabagong ito. Subalit pagdating ng 175 BC nang pumalit si Antiochus IV, dumanas ng isang matinding panahon ang Hebrew community sa Judea. Tinatawag din si Antiochus na “Epiphanes” (God manifest). Sa panahong ito naramdaman ni Antiochus IV ang threat ng mga Romans na dahan-dahang sumusulong sa Silangan. At upang mapalakas at mapagtibay ang kanyang

empire, pinabilis ni Antiochus IV ang proceso ng pagpapalaganap ng hellenization sa Palestine. Tinanggap ng maraming Judio ang ganitong pagbabago kung saan ang naging resulta ay ang pagtalikod nila sa kanilang religious identity. Marami rin naman Judio ang tumanggi sa mga pagbabago. Ang mga copia ng mga Kasulatan sa Hebreo ay sinunog, ang Sabbath ay ipinagbawal, ang circumcision ay naging labag na sa batas at ang mga lumalabag ay pinapatay. Noong 167 BC, nilapastangan ni Antiochus IV ang Jewish temple nang itayo na roon ang estatwa ni Zeus at naghandog ng mga baboy.

Hindi pa nagtatagal nang mangyari ang paglalapastangang ito sa temple, sumiklab naman ang Maccabean Revolt sa pamumuno ni Judas Maccabeus. Sila ay maliit na hukbo ng mga Judio na lumalaban sa mga Seleucid armies. Inokupa muli ng mga Judio ang Jerusalem at ni-rededicate ang Temple noong 164 BC.

Hindi na-contento ang mga Judio na maibalik lamang ang pagsasagawa ng kanilang religious practices. Lumaban sila upang matamo ang kanilang political freedom. Nang mamatay si Judas, ang ipinagpatuloy ng kanyang mga kapatid, na sina Simon at Jonathan, ang pakikipaglaban hanggang 142 BC, nang ang Judea ay maging independent at matatag ang Hasmonean dynasty. Ito ay nagmula kay Hashmon na ancestor ng mga Maccabees.

Ang pakikipagbaka laban sa Hellenization ay hindi pa tapos. Si Jonathan ay nag take-over bilang high priest kahit hindi siya nanggaling sa linya ni Zadok.

Nag-dominate ang Hasmonean rulers sa priesthood. Unti-unti nilang inangkin ang pamumuhay ng mga Greeks. Ang historical origin ng Sadducees at Pharisees ay hindi tiyak kung saan nagmula. Bagamat ang Pharisees ay hindi political group, sila ang tumatayong oposisyon nang mga pahanong iyon. Sinikap nilang mapanatili ang kadalisan ng Judaism regulations. At sa pamamagitan ng kanilang sariling interpretasyon sa mga batas, nabago nila ang maraming biblical requirements.

Sa kabila ng panahon ng kasaganaan, hindi napigilan ng Hasmonean dynasty ang pagsulong ng mga Romans. Noong 63 BC, sinakop ni Roman General Pompey ang Jerusalem na nauwi sa pagiging hari ni Herod sa Judea. Siya ay ipinanganak na Idumean subalit naging Jewish proselyte. Naghari siya simula 37 BC hanggang kanyang kamatayan noong 4 BC. Siya ay magaling na tagapamuno at ang pinakamahalagang project niya ay ang rebuilding ng temple sa Jerusalem na nagsimula sa 20 BC hanggang sa kinamatayan na niya ito (John 2:20). Dahil sa kanyang mga accomplishments, nakilala siya bilang Herod the Great.

Ang mga Judio ay nasa ilalim ng foreign power nang magsimula ang New Testament story na naghihintay pa rin sa katuparan ng kanilang kaligtasan.

### **Early years to first Passover**

*Ang pahayag tungkol sa pagsilang ni John the Baptist.* Noong panahong si Herod the Tetrarch (anak ni King Herod the Great) ang naghahari sa Galilee at Perea, si Angel Gabriel ay nagpakita kay Zechariah na isang paring Judio. Sinabi ng Anghel na dininig ng Panginoon ang kanyang panalangin. Ang kanyang asawang si Elizabeth, na isang baog, ay magkakaanak ng lalaki at papangalanan nila itong "John."

*Ipinahayag ang pagsilang ni Jesus.* Nang ikaanim na buwan ng pagdadalang tao ni Elizabeth, si Angel Gabriel ay isinugo ng Diyos sa Nazareth upang kausapin ang dalagang birhen na si Mary. Sinabi ng

anghel sa kanya na siya ay pinarangalan at pinaboran ng Diyos. Ang Diyos ay sumasakanya at siya ay pinili. Sinabi pa ng anghel na siya ay maglililihi at manganganak ng isang sanggol na lalaki na papangalanang Jesus. Siya'y magiging dakila at tatawaging Anak ng Kataas-taasang Diyos. Ang kanyang paghahari ay walang katapusan. Mangyayari ito sapagkat sasakanya ang Banal na Espiritu at mapapasailalim siya sa kapangyarihan ng Kataas-taasang Diyos.

*Dinalaw ng isang anghel si Joseph.* Si Joseph na mapapangasawa ni Mary ay isang matuwid na tao. Binalak niyang hiwalayan ng palihim si Mary ngunit habang pinag-iisipan niya ito, nagpakita sa kanya sa panaginip ang isang anghel ng Panginoon. Sinabi ng anghel na hindi siya dapat matakot na pakasalan si Mary sapagkat ang sanggol na dinadala nito ay mula sa Banal na Espiritu.

Nangyari nga ang lahat ng ito upang matupad ang sinabi ng Panginoon sa pamamagitan ng mga propeta na *"maglililihi ang isang birhen at magsisilang ng isang sanggol na lalaki, at tatawagin Siyang Immanuel – na ang kahulugan ay Kasama natin ang Diyos."* Nang magising si Joseph sinunod niya ang utos ng Panginoon. Pinakasalan niya si Mary.

*Ang pagsilang kay Jesus.* Mula sa Nazareth, si Joseph at Mary ay nagtungo sa Bethlehem upang magpatala sa census. Habang sila'y nasa Bethlehem, sumapit ang oras ng panganganak ni Mary. Walang lugar para sa kanila sa mga bahay-panuluyan kaya napilitan si Mary na manganak sa isang sabsaban. Siya ay nagsilang ng isang lalaki.

*Ang pagbabalita ng mga anghel sa kapanganakan ni Jesus at ang pagdalaw ng mga pastol.* Nang gabing iyon, may mga pastol sa parang. Tumayo sa kanilang harapan ang isang anghel ng Panginoon upang ibalita sa kanila ang pagkasilang ng Tagapagligtas, ang Cristong Panginoon, sa kanilang bayan. Sinabi sa kanila ng anghel kung saan nila matatagpuan ang sanggol. Matapos itong ibalita ng anghel sa mga pastol, isang laksang anghel ang nakita nila na nagpupuri sa Diyos. Nang makaalis na ang mga anghel, nag usap-usap ang mga pastol at sila ay nagtungo sa kinaroroonan ng sanggol.

Pagsapit ng ika-walong araw, ang sanggol ay tinuli at tinawag Siyang Jesus.

*Ang pagdalaw ng mga Magi.* Nang maipanganak na ang sanggol, may mga pantas na nagtanong kung nasaan ang bagong silang na Hari ng mga Judio sapagkat nais nilang sambahin Siya. Naligalig si Herod at ang buong Jerusalem. Pinatawag niya ang mga punong saserdote at mga guro ng batas at tinanong niya ang mga ito. Inusisa niya sila kung kailan lumitaw ang bituin sapagkat may mga pantas na magtutungo sa kinaroroonan ng sanggol. Pagkatapos, pinapunta na ni Herod sa Bethlehem ang mga pantas upang hanapin at ipagbigay alam sa kanya kung saan naroroon ang sanggol.

May bituing nanguna sa mga pantas at ito ay tumigil sa tapat ng kinaroroonan ng sanggol. Sila'y nagalak at nagpatirapa upang sambahin ang sanggol. Inihandog din nila sa Kanya ang mga dala nilang ginto, insenso at mira.

Nang pauwi na ang mga pantas, nakatanggap sila ng babala sa pamamagitan ng panaginip na huwag ng bumalik kay Herod, kaya't nag-iba na sila ng daan pauwi.

*Pagpatay sa mga sanggol (4 BC).* Dahil nalinlang si Herod ng mga pantas, iniutos niyang patayin lahat ng lalaking sanggol na dalawang taon pababa.

*Ang pagtakas nina Joseph, Mary at Jesus sa Egypt.* Sa isang panaginip, nagpakita ang anghel ng Panginoon at sinabi kay Joseph na itakas niya ang kanyang mag-ina sa Egypt at manatili sila roon sapagkat may masamang balak si Herod. Sumunod si Joseph at nanatili sila doon hanggang mamatay si Herod. Dito natupad ang hula na sinabi ng Panginoon sa pamamagitan ng isang propeta, *Mula sa Egypt, tinawag Ko ang Aking Anak.*

*Dinala si Jesus sa Templo.* Nang araw ng seremonyas ng paglilinis, dinala si Jesus sa Jerusalem upang iharap sa Panginoon. Sapagkat nasusulat sa Kautusan *“bawat panganay na lalaki ay itatalaga sa Panginoon.”* Nag-alay din sila ng handog ayon sa nakasaad sa Kasulatan.

*Ang Pagbabalik nila Joseph, Mary at Jesus sa Nazareth.* Nang mamatay na si Herod, kinausap muli ng anghel si Joseph upang magbalik na sila sa Israel. Tumuloy sila sa Nazareth bilang pagsunod sa babalang natanggap niya sa kanyang panaginip. Ang bata ay lumaking malakas at puno ng karunungan sapagkat ang pabor ng Diyos ay nasa Kanya.

*Ang Batang si Jesus sa Loob ng Templo (8 AD).* Taon-taon nagpupunta sina Joseph at Mary sa Jerusalem para sa Passover celebration. Nang si Jesus ay 12 taon na, sila ay dumalo ng celebrasyon ayon sa kanilang nakaugalian. Nang sila ay pauwi na, hindi namalayan ni Mary at Joseph na si Jesus ay naiwan sa Jerusalem.

Pagkalipas ng tatlong araw, si Jesus ay natagpuan nila sa loob ng Templo. Siya’y nakaupo kasama ng mga guro, nakikinig at nagtatanong sa kanila. Humanga ang mga nakasaksi niyon pati na ang kanyang mga magulang.

Tinanong Siya ng kanyang ina kung bakit Niya ginawa iyon, lubha silang nag-alala. Sumagot si Jesus ng ganito – *Bakit ninyo Ako hinahanap? Hindi ba ninyo alam na Ako’y dapat mamalagi sa tahanan ng Aking Ama?* Ngunit hindi nila naunawaan ang Kanyang sagot.

Si Jesus ay sumama sa kanila pauwi sa Nazareth, at Siya’y naging masunurin sa kanila. Patuloy na lumaki si Jesus sa pangangatawan, lumawak ang kanyang karunungan at lalong naging kalugod- lugod sa Diyos at sa mga tao.

*Inihanda ni John the Baptist ang pagdating ni Jesus (26 AD).* Sa ika 15<sup>th</sup> year ng paghahari ni Tiberius Caesar, si Pontius Pilate ang gobernadora ng Judea at si Herod naman ang tetrarch ng Galilee. Sina Caiaphas at Annas ang punong mga pari. Ang salita ng Panginoon ay dumating kay John na anak ni Zechariah. Isinisigaw niya na dapat na nilang pagsisihan ang kanilang mga kasalanan sapagkat ang kaharian ng Diyos ay nalalapit na.

Dahil sa katanungan sa puso ng mga taga-sunod ni John kung siya ba ang Cristo, sinabi niya sa kanila na siya ay nagbabautismo sa tubig subalit ang higit na mas makapangyarihan sa kanya ay darating. Siya ang magbabautismo sa kanila sa pamamagitan ng Banal na Espiritu.

Nang tanungin si John ng mga pari at mga Levita kung siya ang Cristo o si Elijah o Propeta. Itinanggi niya ito. Sa halip, sinabi niyang siya ang tinig na sumisigaw sa wilderness na, Ihanda na ang daan para sa Panginoon, tulad ng naiulat ni Isaiah.

*Binautismuhan ni John si Jesus sa Jordan River (26 AD).* Mula sa Galilea, si Jesus ay nagtungo sa Jordan

upang magpabautismo kay John. Pinipigilan pa sana Siya ni John subalit sinabi ni Jesus na ito ang nararapat upang matupad ang lahat ng katuwiran. Si Jesus ay binautismuhan nga ni John sa Ilog Jordan. Pagkaahung-pagkaahon ni Jesus sa tubig, ang buong kalangitan ay binuksan sa Kanya at bumababa sa Kanya ang Espiritu na nasa anyo ng isang kalapati. Ang tinig mula sa langit ay nagsabing, “*Ikaw ang minamahal Kong Anak na lubos Kong kinalulugdan.*”

*Si Jesus ay tinukso ng Diablo (27 AD).* Pinangunahan ng Banal na Espiritu si Jesus sa wilderness. Pagkatapos Niyang mag-fasting ng 40 days at 40 nights, Siya - sa Kanyang kagutuman - ay tinukso ng diablo. Tatlong beses tinangka ni Satanas na magkasala si Jesus, subalit siya ay hindi nagtagumpay. Tatlong beses ginamit ni Jesus ang salita ng Diyos upang mapawalang bisa ang ginawang panunukso ng diablo. Pagkatapos iniwan siya ng diyablo at dumating naman ang mga anghel upang Siya’y paglingkuran.

*Bumalik si Jesus sa Nazareth subalit hindi Siya tinanggap doon (27 AD).* Pagkatapos arestuhin si John the Baptist, pumunta si Jesus sa Galilea na puno ng kapangyarihan ng Espiritu. Kumalat ang ulat patungkol sa Kanya sa mga karatig bayan. Siya ay patuloy na nagturo sa mga sinagoga na pinarangalan ng lahat.

Dumako si Jesus sa Nazareth, ang lugar kung saan siya lumaki. At tulad ng nakagawian na Niya, nagturo Siya sa sinagoga sa araw ng Sabbath. Matapos Niyang nagturo, marami ang namangha sa Kanyang mga salita. Ang mga nakinig ay nagtanungan, “Hindi ba ito ang anak ni Joseph?” Sinabi ni Jesus na walang propeta ang tinatanggap sa sarili niyang bayan. Sinabi pa Niya na maraming balo sa Israel nang magkaroon ng taggutom noong panahon ni Elijah subalit sa isang balo lamang siya ipinadala ng Panginoon. Maraming ketongin sa Israel noong panahon ni Elisha, subalit si Naaman lamang ang pinagaling. Dahil sa mga sinabi ni Jesus, sumiklab ang galit ng mga tao at pinalayas Siya patungong dulo ng cliff upang itulak Siya subalit Siya ay nakawala sa kanila.

*Ang Pagtawag kina Andrew at Simon Peter (27 AD).* Habang si Jesus ay naglalakad sa tabi ng Sea of Galilee, nakita Niya ang magkapatid na *Simon* at *Andrew* na nagtatapon ng kanilang lambat sa dagat. Sinabi sa kanila ni Jesus, *Sumunod kayo sa Akin at gagawin Ko kayong mangingisda ng mga tao.* Agad-agad silang sumunod. Mula roon ay nakita ni Jesus ang magkapatid na *James* at *John* na nagkukumpuni ng kanilang lambat kasama ang kanilang ama na si *Zebedee*. Tinawag din Niya ang magkapatid, at agad din naman silang sumunod kay Jesus at iniwan ang kanilang ama.

*Tinawag ni Jesus sina Philip at Nathanael.* Kinabukasan minabuti ni Jesus na magtungo sa Galilea. Nakita Niya roon si *Philip* at sinabihan na sumunod sa Kanya. Si *Philip* ay taga Bethsaida, kung saan sina *Andrew* at *Simon* ay taga-roon din. Nakita ni *Philip* ang kanyang kapatid na si *Nathanael* at ibinalita rito na natagpuan na niya ang Mesiyas. Noong una ay may pag-aalinlangan pa sa puso ni *Nathanael*. Subalit nang nagsalita sa kanya si Jesus, naniwala siyang si Jesus ay Anak nga ng Diyos.

#### *Jerusalem, 27 AD - The First Passover*

*Pagmamalasakit para sa Templo.* Malapit na ang Paskwa ng mga Judio kaya’t pumunta si Jesus sa Jerusalem. Nadatnan Niya sa Templo ang mga nagtitinda ng mga hayop at mga namamalit ng salapi. Nagalit Siya kaya tinaboy Niya ang mga nagtitinda kasama ang kanilang mga hayop, itinaob niya ang mga mesa at tinapon ang mga pera. Sinabihan sila ni Jesus na huwag nilang gawing bahay kalakalan ang tahanan ng Kanyang Ama.

Dahil dito’y tinanong Siya ng mga pinuno ng Judio kung anong himala ang Kanyang maipapakita upang

patunayang may karapatan Siyang gawin iyon. Sinabi sa kanila ni Jesus na wasakin nila ang Templong ito at sa loob ng tatlong araw ay muli Niya itong itatayo. Lingid sa kaalaman ng mga Judio na ang tinutukoy ni Jesus na templo ay ang Kanyang katawan.

*Binisita ni Nicodemus si Jesus (27 AD):* Isang gabi, may isang Pariseo na nagngangalang Nicodemus, na pinuno ng mga Judio, ang nagtungo kay Jesus. Sinabi niyang alam niya na si Jesus ay nagmula sa Diyos dahil sa mga bagay na Kanyang ginagawa. Sinagot siya ni Jesus na malibang ipanganak na muli ang isang tao, hindi niya makikita ang kaharian ng Diyos.

Nagtaka si Nicodemus kaya't nilinaw ni Jesus ang Kanyang sinabi na maliban na ang isang tao ay ipanganak sa pamamagitan ng tubig at ng espiritu hindi siya makakapasok sa kaharian ng Diyos. Ang taong ipinanganak sa laman ay laman, at ang ipinanganak sa Espiritu ay Espiritu. Ang hangin ay umiihip kung saan man nito naisin, naririnig mo ang ihip subalit hindi mo alam kung saan ito nanggagaling o kung saan man ito patungo. Ganoon din sa mga taong ipinanganak sa Espiritu.

Tinanong ni Nicodemus kung paano ito magaganap. Sinabi ni Jesus kay Nicodemus, *Ikaw ay guro sa Israel subalit hindi mo nauunawaan ang mga bagay na ito. Kung nagbabahagi ako sa iyo ng mga patungkol sa mundo at hindi mo ito pinaniniwalaan, paano mo pa paniniwalaan ang mga makalangit na bagay? Wala pang nakaaakyat sa langit maliban sa nakababa na mula doon, ang Anak ng Tao. Tulad nang pagtaas ni Moses sa ahas doon sa wilderness, ganoon din, ang Anak ng Tao ay dapat itaas upang ang sinumang maniwala ay magkaroon ng buhay ng walang hanggan.*

*Nagbautismo si Jesus.* Si Jesus at ang kanyang mga alagad ay nagpunta sa lupain ng Judea. Nanatili Siya roon ng kaunting panahon na kasama nila at nagbautismo ng mga tao. Bagaman hindi si Jesus mismo ang nagbabautismo, kundi ang kanyang mga alagad.

Si John the Baptist ay nagbabautismo rin sa Aenon malapit sa Salim. Nagkaroon ng discussion ang ilan sa kanyang mga alagad at isang Judio patungkol sa paglilinis kaya lumapit sila kay John. Sinabi nila sa kanya na si Jesus na kanya ring binautismuhan at pinatotohanan ay nagba-bautismo rin at marami ang nagpupunta kay Jesus. Sinabi ni John sa kanyang mga alagad na alam naman nila na hindi siya si Cristo subalit siya ay naunang ipinadala. Ang nagmamay-ari sa bride ay ang bridegroom. Ang kaibigan ng bridegroom, na nakatayo sa tabi niya ay lubos na nagagalak sa tinig ng bridegroom. Samakatuwid, ang kagalakan kong ito ay lubos na. Kailangan Niyang maitaas at ako naman ay dapat maibaba.

Siya na nagmula sa taas ay higit sa lahat. Siya na nagmula sa mundo ay taga-mundo at nagsasalita na parang taga-mundo. Siya na nagmula sa langit ay higit sa lahat. Siya ay nagpapatotoo sa kanyang nakita at narinig, subalit walang tumatanggap sa kanyang pagpapahayag. Ang sinumang tumanggap ng kanyang pagpapatotoo ay nagsasabing ang Diyos ay totoo. Sapagkat Siya na isinugo ng Diyos ay nagpapahayag ng mga salita ng Diyos, sapagkat ibinibigay Niya ang Espiritu ng walang pantakal. Mahal ng Ama ang Anak at ipinagkaloob na Niya ang lahat ng bagay sa Kanyang kamay. Ang sinumang naniniwala sa Anak ay may buhay na walang hanggan; ang sinumang sumuway sa Anak ay hindi magkakaroon ng buhay kundi ang galit ng Diyos ay mapapasakanya.

*Nakipag-usap si Jesus sa Samaritana (27 AD).* Nang malaman ni Jesus na narinig ng mga Pariseo na Siya ay nagbabautismo at nagkakaroon ng mas maraming disipulo kaysa kay John (bagamat ang mga disipulo lang niya ang nagbabautismo), minarapat niyang umalis sa Judea at magtungo sa Galilea. Subalit upang

makarating doon, kinakailangang dumaan Siya sa Samaria. Pagdating Niya sa bayan, pagod na Siya kaya naupo Siya sa tabi ng balon.

May isang Samaritana ang sumasalok ng tubig sa balon at humingi si Jesus ng tubig sa kanya. Dahil sa ang mga Judio ay walang pakikisama sa mga Samaritano, nagtanong ang babae kay Jesus kung bakit Siya na isang Judio ay nanghihingi ng tubig sa isang Samaritana. Sinagot ni Jesus ang babae, *Kung alam mo ang handog ng Diyos at kung sino ang nagsasabi sa iyong, 'Bigyan mo Ako ng tubig,' siguradong hihingi ka sa Kanya at siguradong bibigyan ka Niya ng 'tubig ng buhay.'*

Sinabi pa ni si Jesus, *Lahat ng iinom sa tubig na ito ay mauuhaw muli subalit ang sinumang uminom ng tubig na Aking ibibigay ay hindi na kailanman mauuhaw. Ang tubig na ibibigay Ko ay pagmumulan ng tubig tungo sa buhay na walang hanggan.* Kaya sinabi ng babae kay Jesus na bigyan siya ng tubig na ito upang hindi na siya mauhaw at sumalok sa balon na iyon.

Inutusan siya ni Jesus na tawagin ang kanyang asawa subalit sinabi ng babae na wala siyang asawa. Tumugon si Jesus na tama iyon, wala siyang asawa sapagkat lima ang kanyang asawa at ang kinakakasama niya sa kasalukuyan ay hindi rin niya asawa.

Sinabi pa ni Jesus sa babae na darating ang oras na hindi na sa bundok na iyon o sa Jerusalem pa siya sasamba sa Ama. Darating ang oras na ang tunay na sumasamba sa Ama ay sasamba sa Kanya sa Espiritu at katotohanan. Ang Diyos ay Espiritu kaya Siya ay dapat sambahin sa Espiritu at katotohanan. Sinabi ng babae kay Jesus na alam niyang darating na ang Mesias na tinatawag na Cristo. Sinabi ni Jesus sa babae, *Ako, na iyong kausap ay Siya na nga.*

Nagtaka ang mga disipulo ni Jesus nang datnan nilang nakikipag-usap Siya sa babae subalit walang nagtanong sa Kanya. Umalis ang babae at ipinamalita sa mga tao ang tungkol kay Jesus. Maraming Samaritano ang naniwala kay Jesus dahil sa patotoo ng Samaritana. Matapos nilang marinig si Jesus, mas naniwala sila hindi dahil sa patotoo ng babae kundi dahil sa mga narinig nila mula kay Jesus.

Bumalik muli si Jesus sa Galilea kung saan Siya ay maluwag na tinanggap roon dahil sa mga nasaksihan nila sa Kanyang mga gawa sa Jerusalem.

*Ang Sermon on the Mount (27 AD).* Maraming tao ay patuloy na sumunod kay Jesus. Nang makita Niya sila, umakyat siya sa bundok, naupo at nilapitan Siya ng Kanyang mga disipulo. At siya'y nagsimulang magturo.

Namangha kay Jesus ang mga tao nang kanilang marinig ang Kanyang pagtuturo sapagka't nagturo Siya nang may kapangyarihan, hindi tulad ng mga tagapagturo ng Kautusan.

Mas lalong hinangad ng mga Judio na si Jesus ay patayin sapagkat hindi lamang Niya sinusuway ang batas ng Sabbath, kundi tinatawag pa Niyang Ama ang Diyos na parang Sila ay magkapantay.

Kaya sinabi ni Jesus sa kanila, *Ang Anak ay hindi makakikilos ng sarili lamang kundi kung ano ang Kanyang nakikitang ginagawa ng Ama. Sapagkat kung ano ang gawin ng Ama, ganoon din ang gagawin ng Anak. Sapagkat mahal ng Ama ang Anak at ipinakikita Niyang lahat sa Anak kung ano ang Kanyang ginagawa. At higit pa rito ang Kanyang ipamamalas upang kayo ay mamangha. Katulad nang binubuhay*

*ng Ama ang mga patay at binibigyan Niya ng buhay, ganoon din ang Anak na nagbibigay buhay sa mga pagkakalooban Niya. Hindi huhusgahan ng Ama ang sinoman sapagkat ibinigay na Niya sa Anak ang paghuhusga upang Siya ay bigyan parangal tulad ng pagpaparangal sa Ama. Ang sinumang hindi nagpaparangal sa Anak ay hindi nagpaparangal sa Ama na nagsugo sa Kanya. Ang sinumang makarinig ng Aking salita at nagtiwala sa nagsugo sa Akin ay may buhay na walang hanggan. Hindi na siya huhusgahan, kundi nakatawid na siya sa kamatayan tungo sa buhay.*

*Pangangaral at pagpapagaling ni Jesus.* Nilibot ni Jesus ang buong Galilea. Nagtuturo siya sa mga sinagoga at ipinapangaral ang Magandang Balita tungkol sa paghahari ng Diyos. Pinapagaling din Niya ang lahat ng uri ng sakit at karamdaman ng mga tao kaya sila sumusunod sa Kanya.

*Maraming pinagaling si Jesus (28 AD).* Nang gabing iyon, dinala kay Jesus ang mga sinasapian ng mga demonyo. Sa isang salita lamang ay pinalayas Niya ang masasamang espiritu at pinagaling ang lahat ng mga may karamdaman. Sa gayon natupad ang sinabi ni Propeta Isaias na *“Inalis Niya ang ating mga kahinaan, pinagaling ang ating mga karamdaman”*.

*Tinawag si Mateo (28 AD).* Isang araw, nakita ni Jesus si Mateo na nakaupo sa tanggapan ng buwis. Tinawag Niya ito at sila ay nakipagsalo sa mga maniningil ng buwis. Nang makita ito ng mga Pariseo nagtaka at napatanong sila kung bakit nakikisalo si Jesus sa mga maniningil ng buwis at sa mga makasalanan. Nang marinig ito ni Jesus, sinabi Niyang, *Hindi nangangailangan ng manggagamot ang walang sakit kundi ang maysakit. Sapagkat naparito Ako hindi upang tawagin ang mga matuwid kundi ang mga makasalanan.*

## **Part Two: Second Passover and Village Ministries**

*Jesus, Lord of the Sabbath (28 AD).* Isang araw ng Sabbath habang dumadaan si Jesus sa may triguhan, pumitas ng grain ang mga Kanyang mga disipulo. Nakita ito ng mga Pariseo at nagtanong kung bakit nila ginagawa iyon sa araw ng Sabbath. Sinagot naman sila ni Jesus, *Ang Sabbath ay ginawa para sa tao at hindi ang tao para sa Sabbath. Kaya ang Anak ng Tao ay ang Panginoon kahit sa araw ng Sabbath.*

*Babala sa mga Bayan na ayaw magsisi.* Sinumbatan ni Jesus ang mga bayang nakasaksi sa Kanyang mga ginawang himala sapagka't hindi sila nagsisi't tumalikod sa kanilang mga kasalanan. Sabi ni Jesus, *Ang mga bayan at mga taong nais itaas ang kanilang sarili ay ibabagsak hanggang sa daigdig ng mga patay.*

*Lumapit sa akin at magpahinga.* Sinabi ni Jesus na *Ibinigay na sa Akin ng Aking Ama ang lahat ng bagay. Walang nakakakilala sa Anak kundi ang Ama, at walang nakakakilala sa Ama kundi ang Anak at ang mga pinili ng Anak na pagpahayagan Niya.*

Dagdag pa ni Jesus, *Ang lahat ng nahahirapan at lubhang nabibigatan sa kanilang pasanin ay lumapit sa Akin at kayo ay Aking bibigyan ng kapahingahan.*

*Inanyayahan ng isang Pariseo si Jesus upang makasalo nila (29 AD).* Inanyayahan ng isang Pariseo si Jesus upang saluhan sila sa pagkain at pinaunlakan naman Niya ito. Nalaman ng isang babaeng makasalanan na naroon si Jesus sa tahanan ng Pariseo kaya nagdala siya ng sisidlan ng pabango at lumapit ito kay Jesus sa gawing paanan. Umiiyak na binasa niya ng kanyang mga luha ang mga paa ni Jesus. Pinunasan niya ito ng kanyang sariling buhok, hinalikan at binuhusan ng pabango ang mga paa.

Naisip ni Simon na Pariseo na kung si Jesus ay isang propeta, malalaman Niya na ito ay isang babaeng



makasalanan. Kaya nagkuwento si Jesus kay Simon. Mayroong dalawang tao na may pagkaka-utang sa banker. Ang isa ay 500 at ang isa naman ay 50. Wala silang maipangbayad sa kanilang mga utang. Pinatawad na sila ng taong pinagkautangan nila.

Ang tanong ni Jesus kay Simon, *Sino sa palagay mo ang mas magpapakita ng pagmamahal sa banker?* Sinabi ni Simon na sa palagay niya yaong taong may mas malaking pagkakautang. Sumang-ayon si Jesus at nagpatuloy magsalita, *Nakikita mo ba ang babaeng ito? Dumating Ako sa iyong tahanan, hindi mo Ako binigyan ng tubig para sa Aking mga paa, subalit ang babaeng ito, hinugasan niya ang Aking mga paa ng kanyang luha at pinunasan ito ng kanyang buhok. Hindi mo Ako hinalikan, subalit ang babaeng ito ay walang tigil sa paghalik sa Aking paa mula nang Ako ay dumating. Hindi mo binuhusan ng langis ang Aking ulo subalit binuhusan niya ng pabango ang Aking mga paa. Kaya sinasabi Ko sa iyo na ang marami niyang kasalanan ay napatawad na – na kanyang ipinakita sa kanyang malaking pagmamahal. Datapwat ang pinatawad sa kakaunti ay kakaunti ring magmahal.*

Sinabi ni Jesus sa babae na ang kanyang mga kasalanan ay pinatawad na at naligtas siya dahil sa kanyang pananampalataya.

At ang mga kasalo ni Jesus ay nagsimulang magtanong sa sarili kung sino ba itong nangangahas magpatawad ng kasalanan.

*Patuloy na naglibot si Jesus sa mga bayan at mga nayon sa paligid.* Nangangaral Siya at nagtuturo ng Magandang Balita tungkol sa kaharian ng Diyos. Kasama Niya ang labindalawa at ilang babaeng pinagaling Niya sa masasamang espiritu at sa kanilang mga karamdaman.

Si Mary na tinatawag na *Magdalene*, mula sa kanya'y pitong demonyo ang pinalayas. Si *Joanna* na asawa ni Chuza na katiwala ni Herod at si *Susanna* at marami pang iba.

*The Blasphemy of the Holy Spirit.* Minsan, pinalayas ni Jesus ang isang demonyo mula sa isang lalaking pipi at bulag. Nang nakapagsalita ito at nakakita, ang tao ay humanga sa Kanya. Subalit, nang malaman ito ng mga Pariseo, pinaratangan nila si Jesus na nakakapagpalayas lamang Siya ng demonyo sa pamamagitan ng kapangyarihan ni Beelzebul, ang prinsipeng demonyo.

Alam ni Jesus ang kanilang mga iniisip. Sinabi sa kanila ni Jesus, na nagpapalayas Siya ng demonyo sa kapangyarihan ng Diyos, at ito'y nangangahulugang dumating na sa kanila ang kaharian ng Diyos.

Dagdag pa ni Jesus, *Ang hindi panig sa Kanya ay laban sa Kanya, at ang hindi Niya kasamang nag-iipon ay nagkakat.* Mapapatawad ang anumang kasalanan at paglapastangan, ngunit hindi patatawarin ang paglapastangan sa Banal na Espiritu. Sinumang magsalita laban sa Anak ng Tao ay patatawarin ngunit sinumang magsalita laban sa Banal na Espiritu ay hindi patatawarin.

*Ang Paglilingkod kay Jesus.* Isang araw, lumapit kay Jesus ang isang tagapagturo ng Kautusan at nais nitong sumama sa Kanya kahit saan man Siya magpunta. Ngunit sumagot si Jesus ng ganito: *“may mga lungga ang mga asong gubat at may mga pugad ang mga ibon, ngunit wala man lang matulugan o mapagpahingahan ang anak ng Tao.*

Isa naman sa alagad ang nagsabi kay Jesus na uuwi muna siya upang ipalibing ang kanyang ama. Ngunit sinabi ni Jesus sa kanya na ipaubaya sa mga patay ang paglilibing ng kanilang mga patay.

*Nahabag si Jesus sa mga Tao.* Patuloy na nangaral si Jesus sa mga sinagoga ng bawat siyudad at bayan, ipinapahayag ang ebanghelyo patungkol sa kaharian ng Diyos at nagpapagaling ng mga may karamdaman. Nahabag Siya sa mga tao sapagkat para silang mga tupang walang pastol. Sinabi Niya sa kanyang mga alagad, *Napakaraming aanihin ngunit kakaunti ang mag-aani. Idalangan nila sa Panginoon ng harvest na magdala ng mga mag-aani.*

*Ang Labindalawang Alagad ay Isinugo ni Jesus (29 AD).* Nang panahong iyon, umakyat si Jesus sa isang bundok at magdamag siyang nanalangin sa Diyos. Kinaumagahan, tinawag niya ang Kanyang mga alagad at mula sa kanila ay pumili Siya ng labindalawa na tinawag Niyang mga Apostol.

Sila ay sina Simon na pinangalan niyang *Peter* at kapatid nitong si *Andrew*, at sina *James* at *John*, *Philip*, *Bartholomew*, *Matthew*, *Thomas*, *James* na anak ni Alphaeus, si *Simon the Zealot* at si *Judas* na anak ni Santiago at si *Judas Iscariot* na naging taksil.

Pinahayo ni Jesus ng dala-dalawa ang mga apostol at sinabihang, *Humayo kayo subalit huwag kayong pupunta sa mga Gentiles o sa bayan ng Samaritano bagkos hanapin ninyo ang mga nawawalang tupa ng Israel at sabihin ninyong ang Kaharian ng langit ay narito na. Magpagaling kayo ng mga may sakit at ketongin, magpalayas ng mga demonyo; huwag tatanggap ng bayad at huwag magdadala ng kahit anong gamit. . . .*

*Ang Pagkamatay ni John the Baptist (29 AD).* Nang panahon din iyon, sumapit ang kaarawan ni Herodes, sumayaw ang kanyang anak na babae sa harap ng mga panauhin. Labis na nasiyahan si Herod kaya't sumumpa siyang ibibigay sa dalaga ang anumang hingin nito. At ang kahilingan ng dalaga ay ibigay sa kanya ang ulo ni John na tagapagbautismo. Nalungkot ang hari ngunit dahil sa kanyang pangako tinupad nito ang kahilingan ng kanyang anak.

Dumating ang mga alagad ni John, kinuha ang kanyang bangkay at inilibing. Pagkatapos, ibinalita nila kay Jesus ang nangyari.

*Lumakad si Jesus sa Ibabaw ng Tubig (29 AD).* Pinasakay ni Jesus sa bangka ang kanyang mga alagad at pinauwi niya ang mga tao. Matapos niyang paalisin ang mga ito, mag-isa siyang umakyat sa bundok upang manalangin. Nang nasa laot na ang mga alagad ni Jesus sila ay inatake ng mga alon dahil pasalungat ito sa hangin.

Nang madaling araw na'y sumunod sa kanila si Jesus na naglalakad sa ibabaw ng tubig. Kinilabutan sa takot ang mga alagad nang makita nilang may lumalakad sa ibabaw ng tubig.

Hindi makapaniwala si Peter sa kanyang nakikita kaya't tinawag siya ni Jesus. Mula sa bangka ay lumakad si Peter sa ibabaw ng tubig papunta kay Jesus. Dahil sa napakaliit ng pananampalataya ni Peter, siya'y natakot at nagsimulang lumubog. Agad siyang hinawakan ni Jesus.

*Nang makatawid na sila ng dagat, nakarating sila sa Gennesaret.* Nakilala ng mga tao si Jesus kaya dinala sa Kanya ang lahat ng mga may sakit at nagsumamo sa Kanya kahit na mahipo man lang ang Kanyang damit. At ang mga nakahipo doon ay gumaling.

*Si Jesus ang Tinapay na Nagbibigay-buhay.* Kinabukasan, sa Capernaum, nilapitan muli ng mga tao si Jesus. Alam Niya ang kanilang pakay. Sinabi sa kanila ni Jesus, *Hinahanap niyo lang Ako sapagkat*

*nakakita kayo ng mga tanda at nabusog kayo sa tinapay. Huwag ang pagkaing nasisira ang inyong pagsikapang kamtan, kundi ang pagkaing hindi nasisira na nagbibigay ng buhay na walang hanggan na ibibigay sa inyo ng Anak ng Tao. Nang tanungin ng mga tao kung ano ang kanilang dapat gawin, sinabi ni Jesus, Ito ay gawa ng Ama, na sumampalataya kayo sa Kanyang isinugo.*

Sinabi pa ni Jesus na hindi si Moses ang nagbigay sa kanila ng tinapay na galing sa langit kundi ang Kanyang Ama ang nagbibigay sa kanila ng tunay na tinapay na galing sa langit at nagbibigay ng buhay sa mundo.

Nais ng mga tao na bigyan sila ni Jesus ng tinapay na nagbibigay buhay. Sinagot sila ni Jesus, *Ako ang tinapay ng buhay, ang sinumang lumalapit sa Akin ay hindi na magugutom kailanman, at ang sinumang sumampalataya sa Akin ay hindi na mauuhaw kailanman.*

Dahil sa mga sinabi niyang ito, nagbulung-bulungan ang mga Judio sapagkat ang alam nila, si Jesus ay anak nina Joseph and Mary na kilala nila.

Sinabi pa ni Jesus na ang Kanyang mga sinabi sa kanila ay espiritu at buhay at alam Niyang marami sa kanila ang hindi naniniwala. Kaya sinabi din Niya na walang makakalapit sa Kanya kung hindi pinahintulutan ng Ama. Pagkatapos nito, maraming disipulo ni Jesus ang tumalikod at hindi na sumama sa Kanya.

Tinanong ng Panginoon ang Kanyang mga alagad, *Nais niyo rin bang umalis?* Sinabi ni Simon Peter na kanino sila pupunta? Si Jesus lamang ang nagtataglay ng mga salita ng buhay na walang hanggan at sila ay naniniwala na si Jesus ang Banal na mula sa Diyos.

Kinagalitan ni Jesus ang mga Pariseo dahil sa paghingi ng miraculous signs. Umalis na agad si Jesus kasama ang Kanyang mga disipulo patungo sa Dalmanutha. Pinuntahan ng mga Pariseo si Jesus upang subukin Siya kaya't hiniling nilang magpakita Siya ng isang himala mula sa langit. Sinabi ni Jesus na walang himala na matanggap ang henerasyon na iyon. At iniwan sila ni Jesus at Siya ay sumakay sa bangka.

Nagbabala si Jesus patungkol sa pampaalsang ginagamit ng mga Pariseo at mga Saduseo. Isang araw, nakalimutan ng mga alagad na magdala ng tinapay sa kanilang paglalakbay kaya't sinabi sa kanila ni Jesus na mag-ingat sila sa pampaalsang kinakalat ng mga Pariseo at ni Herodes. Nilinaw sa kanila ni Jesus na hindi tungkol sa literal na tinapay ang tinutukoy niya kundi ang tungkol sa mga katuruan ng mga Pariseo at mga Saduseo at hindi sa pampaalsang ginagamit sa tinapay.

*Si Jesus at ang Kanyang mga Disipulo ay naglakbay patungong Cesarea Philippi (29 AD).*

*Sino ang Anak ng Tao ayon sa mga tao?* tanong ni Jesus sa Kanyang mga disipulo.

Ang sabi ng iba ay Ikaw si John the Baptist. Ang iba ay nagsasabing si Elijah at ang iba naman ay si Jeremiah o kung sinumang propeta, sagot nila kay Jesus.

Nagtanong muli si Jesus, *Subalit ano ang inyong sinasabi kung sino Ako?*

“Ikaw ang Cristo, ang Anak ng Diyos na buhay,” tugon ni Peter.

Pagkatapos nito ay nagsimulang turuan ni Jesus ang Kanyang mga disipulo patungkol sa daranasin Niyang paghihirap, ang Kanyang kamatayan, at pagkabuhay muli makalipas ang tatlong araw. Tinuro din Niya ang ganito, Sinumang nagnanais sumunod sa Akin ay kailangang itakwil ang kanyang sarili, pasanin ang kanyang krus, at sumunod sa Akin. Ang naghahangad na magligtas ng kanyang buhay ay mawawalan nito; ngunit ang mawalan ng kanyang buhay alang-alang sa Akin ay magkakamit nito. Sapagkat ano ba ang mapapala ng isang tao makamtan man niya ang buong daigdig, ngunit mapapahamak naman ang kanyang kaluluwa? Ano ang maibibigay ng isang tao kapalit ng kanyang buhay? Ang sinumang ikahiya Ako at ang Aking mga salita ay ikahihiya Ko rin sa kaluwalhatian ng Ama kasama ang mga anghel.

*Ang Pagbabagong-anyo ni Jesus.* Pagkaraan ng anim na araw, isinama ni Jesus si Peter, James at John sa isang mataas na bundok. Natunghayan ng tatlo ang pagbabagong anyo ni Jesus. Nagliwanag na parang araw ang kanyang mukha at nagningning sa kaputian ang kanyang damit. Nakita nila na nag-uusap sina Moses, Elias at si Jesus.

Biglang nililiman ang mga alagad ng isang napakaliwanag na ulap. Mula roon ay may isang tinig na nagsabing Ito ang minamahal Kong anak na lubos Kong kinalulugdan.

Sinabihan ni Jesus ang Kanyang mga disipulo na huwag ipagsasabi ang kanilang nasaksihan hanggat di bumangon mula sa mga patay ang Anak ng Tao.

Pagbalik nila sa Galilea, muling binanggit ni Jesus ang Kanyang kamatayan at muling pagkabuhay. Nang magkatipon sa Galilea ang mga alagad, sinabi sa kanila ni Jesus, “Ang Anak ng Tao ay ipagkakanulo at papatayin, ngunit siya'y muling bubuhayin sa ikatlong araw.” At sila'y lubhang nalungkot.

Sa Capernaum, ginamit ni Jesus ang pagbabayad ng Temple tax upang ituro sa mga alagad na Siya ang Anak ng Diyos. Lumapit kay Peter ang mga maniningil ng buwis para sa Templo. Dahil sa wala silang pambayad, inutusan ni Jesus si Peter na magtungo sa lawa at mamingwit. Sa unang isda na mahuhuli niya, kukunin niya sa bibig nito ang isang salaping pilak upang pambayad ng buwis.

Tinuro din ni Jesus sa mga disipulo ang patungkol sa childlike faith at pagiging alipin ng lahat (29 AD). Nang mga sandaling iyon, lumapit kay Jesus ang mga alagad at tinanong nila si Jesus kung sino ang pinakadakila sa kaharian ng langit. Tumawag si Jesus ng isang bata pinatayo sa gitna nila at sinabi, “Tandaan ninyo: kapag hindi kayo nagbago at naging katulad ng mga bata, hindang-hindi kayo makakapasok sa kaharian ng langit. Ang sinumang nagpapakababa na gaya ng batang ito ay siyang pinakadakila sa kaharian ng langit. Ang sinumang tumatanggap sa isang batang katulad nito alang-alang sa Akin, Ako ang kanyang tinatanggap.”

Tinuro din ni Jesus na hindi dapat maging sanhi upang ang iba ay magkasala. Sabi ni Jesus, “Mas mabuti pa sa isang tao ang siya'y bitinan sa leeg ng isang malaking gilingang-bato at ihulog sa kailaliman ng dagat kaysa siya'y maging sanhi ng pagkakasala ng isa sa maliliit na ito na nananampalataya sa kanya. Kung ang kamay o paa ang nagiging sanhi ng pagkakasala, putulin iyon at itapon. Mas mabuti pa ang magkaroon ng buhay na walang hanggan na putol ang isang kamay o isang paa, kaysa kumpleto ang dalawang kamay at dalawang paa na itatapon sa apoy na hindi namamatay. Kung ang mata naman ang siyang nagiging sanhi ng pagkakasala, dukitin ito at itapon! Mas mabuti pa ang magkaroon ng buhay na walang hanggan na bulag ang isang mata, kaysa may dalawang mata kang itapon sa apoy ng impiyerno.”

Kung magkasala ang isang kapatid: Kung magkasala ang kapatid mo, puntahan ito at kausapin ng sarilinan. Kapag nakinig siya, naibalik mo na ang pagsasamahan bilang magkapatid.

Ngunit kung ayaw niyang makinig sa iyo, magsama ka pa ng isa o dalawang tao upang ang lahat ng pinag-usapan ninyo ay mapatunayan ng dalawa o tatlong saksi. Kung ayaw niyang makinig sa kanila, sabihin mo sa iglesya ang nangyari. At kung ayaw pa rin niyang makinig sa iglesya, ituring mo siyang parang Hentil o isang maniningil ng buwis.”

Kapangyarihang magbawal o magpahintulot: Sabi ni Jesus “Tandaan ninyo: anumang ipagbawal ninyo dito sa lupa ay ipagbabawal sa langit, at ang ipahintulot ninyo dito sa lupa ay ipahihintulot sa langit. Dagdag pa ni Jesus, kung ang dalawa sa inyo ay nagkaisa dito sa lupa sa paghingi ng anuman, ito'y ipagkakaloob sa inyo ng aking Ama na nasa langit. Sapagkat saanman may dalawa o tatlong nagkakatipon sa pangalan Niya, naroon si Jesus na kasama nila.”

Kapanig natin ang hindi laban sa atin: Isang araw, si John ay lumapit kay Jesus at iniulat nito na nakakita sila ng isang taong nagpapalayas ng mga demonyo sa pamamagitan ng kanyang pangalan.

Ngunit sinabi ni Jesus sa kanila, ang mga taong gumagawa ng himala sa pamamagitan ng pangalan niya ay hindi dapat pagbawalan sapagkat hindi magsasalita ng masama laban sa kanya pagkatapos gawin ito.

#### Feast of Tabernacles 29 AD

Patagong naglakbay si Jesus patungong Jerusalem upang makipagdiwang sa Feast of Tabernacles. Sinugo niya ang ilan sa Kanyang mga alagad upang mauna sapagkat daraan sila sa Samaria. Ngunit ayaw silang patuluyin ng mga Samaritano kaya nagtanong sina James at John kay Jesus kung magpapababa sila ng apoy mula sa langit upang tupukin ang mga ito. Nilingon sila ni Jesus at pinagalitan at nagpunta na lamang sila sa ibang nayon.

Habang hinahanap ng pamunuan ng mga Judio si Jesus, ang mga tao ay nagbubulong-bulungan tungkol sa Kanya.

Sa kalagitnaan ng pagdiriwang, si Jesus ay nagtungo sa temple upang mangaral. Habang ipinangangaral Niya kung sino Siya, ang pamunuan ng mga Judio ay nakikipagtalos sa Kanya dahil sa Kanyang mga pahayag. Matapos Niyang ipahayag ang banal na pangalan ng Panginoon bilang “I AM,” ang mga Judio na hindi makapaniwala sa Kanyang pagpapahayag ay nagbalak na Siya ay batuhin subalit naitago Niya ang sarili at lumabas sa templo.

*Isinugo ni Jesus ang pitumpu't dalawa:* Pumili ang Panginoon ng pitumpu't dalawa. Sila ay isinugo niya ng dala-dalawa sa bawat bayan at pook na Kanya ring pupuntahan. Sinabi Niya rin sa kanila na marami ang aanihin subalit kakaunti ang manggagawa.

Masayang-masayang bumalik ang pitumpu't dalawa. Iniulat nila kay Jesus na napapasunod nila ang mga demonyo dahil sa kapangyarihan ng Kanyang pangalan. Sinabi ni Jesus sa kanila na binigyan Niya sila ng kapamahalaan sa kapangyarihan ng kaaway. Subalit hindi iyon ang dapat nilang ikagalak, kundi magalak sila sapagkat ang kanilang mga pangalan ay nakasulat na sa langit.

Dumalaw si Jesus kina Martha at Mary. Si Jesus at ang kanyang mga alagad ay nagpatuloy sa kanilang paglalakbay at pumasok sa isang nayon. Malugod silang tinanggap sa tahanan ni Martha. Si Martha ay abalang-abala sa paghahanda samantalang ang kanyang kapatid na si Mary ay piniling makinig sa

tinuturo ni Jesus. Lumapit si Martha kay Jesus at sinabing pagsabihan ang kanyang kapatid na tulongan siya ngunit sinabi ng Panginoon sa kanya na pinili ni Mary ang mabuti at ito'y hindi aalisin sa kanya.

Katuruan tungkol sa pananalangin: Nakita ng mga alagad na si Jesus ay nananalangin kaya't ninais nilang magpaturo kay Jesus kung paano ang manalangin. Sinabi ni Jesus sa kanila, Kung kayo'y mananalangin, sabihin ninyo:

Ama namin, sumasalangit Ka. Sambahin ang ngalan Mo. Dumating nawa ang Iyong kaharian. Matupad ang Iyong kalooban dito sa lupa gaya ng sa langit. Bigyan Mo po kami ng aming pagkain sa araw-araw at patawarin Mo kami sa aming mga kasalanan, gaya ng pagpapatawad namin sa nagkakasala sa amin. Ilayo Mo kami sa tukso at ilitas sa kasamaan. Sumasa Iyo ang paghahari at kapangyarihan at kaluwalhatian magpakailanman.

Dagdag pa ni Jesus, Humingi kayo at kayo'y bibigyan; humanap kayo at kayo'y makakatagpo; kumatok kayo at kayo'y pagbubuksan. Sapagkat ang bawat humihingi ay tatanggap; ang bawat humahanap ay makakatagpo; at ang bawat kumakatok ay pagbubuksan.

Ang tunay na Pastol: Sabi ni Jesus ang pumapasok sa kulungan ng mga tupa nang hindi sa pinto nagdaraan ay isang magnanakaw at tulisan. Ngunit ang nagdaraan sa pintuan ay siyang pastol ng mga tupa. Ang isang pastol ay pinakikinggan ng tupa ang kanyang tinig. At ang Pastol ang nangunguna sa kanila at sumusunod naman ang mga ito sapagkat kilala nila ang kanyang tinig. Hindi sila susunod sa iba.

*Festival of Dedication (30 AD).* Nang mga panahong iyon, ang Feast of Dedication ay ginaganap sa Jerusalem. Habang naglalakad si Jesus sa Templo, pinaligiran Siya ng mga Judio at pinipilit Siyang sabihin na lang sa kanila kung Siya nga ang Cristo. Sinabi ni Jesus na hindi naman sila naniniwala sa Kanyang mga sinasabi. Marami na Siyang ginawa sa pangalan ng Kanyang Ama subalit hindi pa rin sila naniniwala sapagkat hindi sila bahagi ng Kanyang kawan. Naririnig ng Kanyang tupa ang Kanyang tinig at sila ay sumusunod sa Kanya. Sinabi pa Niya na Siya at ang Ama ay iisa.

Pumulot ng mga bato ang mga Judio upang batuhin si Jesus sa pag-aakalang nilalapastangan Niya ang Diyos. Tinangka nilang dakpin si Jesus ngunit hindi sila nagtagumpay. Bumalik si Jesus sa Perea at nagturo sa bayan kung saan nagbautismo si John the Baptist ng mahigit dalawa at kalahating taon.

Sa panahong ito, nagturo din si Jesus tungkol sa pagpasok sa kaharian ng Diyos, ang Kanyang nalalapit na kamatayan sa Jerusalem, ang patungkol sa pag-ibig at pagpapakumbaba, ang hindi pagtangga sa alok na buhay na walang hanggan, ang pagnanais na unahin ang Diyos sa lahat ng bagay, ang pag-ibig sa mga nawawala, ang pagtuon sa Diyos at Kanyang salita, at ang kahalagahan ng pagpapatawad at buong pananampalatayang paglilingkod sa Diyos (Luke 13-17:1-10).

*Pagmamataas at pagpapakumbaba:* Sabi ni Jesus, Ang mga nagmamataas ay ibababa, at ang nagpapakumbaba ay itataas.

*Ang pagiging alagad:* Sumama kay Jesus ang napakaraming tao. Sinabi ni Jesus sa kanila na Hindi Ko maaaring maging alagad ang sinumang umiibig sa kanyang ama at ina, asawa't anak, mga kapatid, at maging sa sarili niyang buhay nang higit sa Akin. Ang hindi magpasan ng sarili niyang krus at sumunod sa Akin ay hindi karapat-dapat sa Akin.

Hindi mawawalan ng bisa ang kautusan: Kinutya ng mga Pariseo si Jesus. Kaya nagsalita si Jesus patungkol sa Kautusan ni Moses at ang sinulat ng mga propeta ay may bisa hanggang sa pagdating ni John na Tagapagbautismo. Mas madali pang maglaho ang langit at lupa kaysa mawalan ng bisa ang kahit isang tuldok ng Kautusan.

*Ang Mayaman at si Lazarus:* May isang mayamang laging nakasuot ng mamahaling damit at saganang-sagana sa pagkain araw-araw. May isa namang pulubing nagngangalang Lazarus na tadtad ng sugat sa katawan at nakahiga sa pintuan ng mayaman. Nang pareho silang namatay. Ang pulubi ay dinala ng mga anghel sa piling ni Abraham at nagtamasa ng buhay na walang hanggan. Samantalang ang mayaman ay inilibing at nagdurusa dahil sa kanyang mga ginawa.

*Pananampalataya sa Diyos:* Hiniling ng mga Apostol sa Panginoon na dagdagan ang kanilang pananampalataya ngunit sinabi sa kanila ng Panginoon, “Kung ang kanilang pananampalataya ay sinlaki ng butil na mustasa, masasabi nila sa puno na mabunot ka at matanim sa dagat, ito ay susunod.

*Ang Pagdating ng Kaharian ng Diyos:* Minsan si Jesus ay tinanong ng mga Pariseo kung kailan darating ang kaharian ng Diyos. Sinabi ni Jesus na walang makikitang palatandaan ng pagdating ng kaharian ng Diyos. Nasabi iyon ni Jesus sapagkat ang kaharian ay taglay na ng Kanyang mga tupang ibinigay sa Kanya ng Ama.

*Ang talinghaga ng pariseo at ng Maniningil ng Buwis:* Isang araw, may dalawang lalaking pumasok sa Templo upang manalangin, ang isa ay Pariseo at ang isa ay maniningil ng buwis. Ang Pariseo ay nanalanging nakatingala at pinagyabang ang kanyang mga nagawa para sa Diyos samantalang ang maniningil ng buwis nama’y nakatayo sa malayo at di man lamang makatingin sa langit. Dinadagukan niya ang kanyang dibdib at hinihiling niyang kahabagan siya ng Panginoon sapagkat siya ay makasalanan at ang lalaking ito ay umuwing matuwid sa harapan ng Diyos, at hindi ang Pariseo.

*Ipinanalangin ni Jesus ang mga bata:* May nagdala ng mga bata kay Jesus ngunit pinagbawalan sila ng mga alagad na lumapit kay Jesus. Nang biglang nagsalita si Jesus at sinabing, Hayaan ninyong lumapit sa Akin ang mga bata. Huwag ninyo silang pagbawalan sapagkat ang mga katulad nila ang mapapabilang sa kaharian ng langit. Ipinatong nga Niya sa mga bata ang kanyang kamay, at pagkatapos, siya’y umalis.

*Ang binatang mayaman:* May isang lalaking lumapit at nagtanong kay Jesus kung anong mabuting bagay ang dapat niyang gawin upang makamitan ang buhay na walang hanggan. Ang sagot sa kanya ni Jesus na kung ibig niyang maging ganap, ipagbili niya ang lahat ng kanyang ari-arian at ipamahagi sa mga mahihirap. At magkakaroon siya ng kayamanan sa langit. Pagkatapos, bumalik siya at sumunod sa Kanya.

*Ikatlong Pagpapahayag ni Jesus ng Kanyang Kamatayan:* Nang nasa daan na sila papuntang Jerusalem, ibinukod ni Jesus ang labindalawang alagad at sinabi sa kanila na sila ay pumunta sa Jerusalem. Doo’y ipagkakanulo ang Anak ng Tao sa mga punong pari at sa mga tagapagturo ng Kautusan. Hahatulan ng kamatayan at ibibigay sa mga Hentil. Siya’y kukutyain, hahagupitin at ipapako sa krus ngunit muli siyang bubuhayin ng Diyos sa ikatlong araw.

*Nakilala ni Zacchaeus si Jesus:* Si Zacchaeus ay isang mayamang pinuno ng mga maniningil ng buwis. Sinikap niyang makita si Jesus upang makilala kung sino ito, ngunit sa dami ng tao, hindi niya ito makita

dahil siya'y pandak. Kaya't patakbo siyang nauna sa dadaanan ni Jesus at umakyat sa isang puno. Nang makita siya ni Jesus sinabihan siya nitong bumaba sa puno sapagkat Siya ay tutuloy sa kanyang bahay. At sinabi ni Zacchaeus kay Jesus na ipamimigay niya sa mga mahihirap ang kalahati ng kanyang mga kayamanan. At sinabi sa kanya ni Jesus na ang kaligtasan ay dumating ngayon sa sambahayang iyon sapagkat anak ni Abraham ang taong iyon.

*Matagumpay na Pagpasok sa Jerusalem (30AD).* Ayon sa utos ni Jesus, dinala ng mga alagad nila ang asno at bisiro kay Jesus at isinapin sa likod ng mga ito ang kanilang balabal at sumakay si Jesus. Maraming naglatag ng kanilang balabal sa daan; mayroon namang pumutol ng mga sanga ng kahoy at ito'y inilatag sa daan. Pagpasok ni Jesus sa Jerusalem, nagulo ang buong lunsod. Nagbubulung-bulungan sila kung sino si Jesus.

*Si Jesus sa Templo:* Pumasok si Jesus sa Templo at sinimulang ipagtabuyan ang mga nagtitinda roon. Habang si Jesus ay nasa Templo, lumapit sa Kanya ang mga bulag at mga pilay at sila'y Kanyang pinagaling.

Si Jesus ay araw-araw nagtuturo sa loob ng Templo. Pinagsikapan Siyang ipapatay ng mga punong pari, mga tagapagturo ng Kautusan at mga pinuno ng bayan. Subalit wala silang makitang paraan upang maisagawa ito dahil taimtim na nakikinig sa Kanya ang buong bayan.

*Ang Pagbabayad ng Buwis:* Ilan sa mga Pariseo at ilan sa mga tagasunod ni Herodes ang pinapunta kay Jesus upang siluin siya sa kanyang pananalita. Kaya lumapit sila sa Kanya at tinanong nila kung labag sa kautusan ang magbayad ng buwis sa Emperador. Alam ni Jesus na sinusubok lamang Siya. Kaya't sinabi Niya sa mga Pariseo na ibigay sa Emperador ang para sa Emperador at sa Diyos ang para sa Diyos. At sila'y labis na namangha sa Kanya.

*Ang pinakamahalagang utos:* Nagtipon-tipon ang mga Pariseo at isa sa kanila na dalubhasa sa Kautusan ang nagtanong kay Jesus upang subukin Siya, "ano ang pinakamahalagang utos sa Kautusan?" Sumagot si Jesus at sinabing "Ibigin mo ang Panginoon mong Diyos nang buong puso mo, buong kaluluwa mo, at buong pag-iisip mo at buong lakas. Ito naman ang pangalawa: Ibigin mo ang iyong kapwa gaya ng pag-ibig mo sa iyong sarili. Sa dalawang utos na ito nakasalalay ang buong Kautusan ni Moises at ang katuruan ng mga propeta."

*Babala laban sa mga tagapagturo ng Kautusan:* Habang nakikinig ang lahat kay Jesus, sinabi niya sa kanyang mga alagad, "Mag-ingat kayo sa mga tagapagturo ng Kautusan na mahilig lumakad nang may mahahabang kasuotan at gustung-gustong batiin sa mga pamilihan. Mahilig silang umupo sa mga pangunahing upuan sa mga sinagoga at sa mga upuang pandangal sa mga handaan. Inuubos nila ang kabuhayan ng mga biyuda, at ginagamit ang kanilang mahahabang dasal bilang pakitang-tao. Dahil diyan, lalo pang bibigat ang parusa sa kanila."

*Ang handog ng isang biyuda:* Nang tumingin si Jesus sa paligid, nakita niya ang mayayaman na naglalagay ng mga handog sa Templo. At napansin ni Jesus ang isang dukhang biyuda na naghulog ng dalawang salaping tanso. At sinabi niya sa kanyang mga alagad, Ang inihandog ng dukhang biyudang iyon ay higit pa sa inihandog nilang lahat. Ang inilagay nila ay bahagi lamang ng kanilang kasaganaan, ngunit ang kanyang ibinigay ay ang buo niyang kabuhayan.



Ang Propesiya ni Isaias tungkol sa kanilang pagiging bulag: Kahit na nasaksihan na ng mga tao ang maraming himalang ginawa ni Jesus, hindi parin sila naniniwala sa kanya. Nangyari ito upang matupad ang sinabi ni propeta Isaias na “sino ang maniniwala sa kanilang ibabalita”. Gayunman, marami ring pinuno ng mga Judio ang naniwala sa kanya. Subalit hindi nila maipahayag ito dahil sa takot sa mga Pariseo, na baka sila’y itiwalag sa sinagoga.

*Tungkol sa Pagkawasak ng Templo:* Lumabas si Jesus sa Templo. Sinabi niya sa kanyang mga alagad na ang mga nakikita nilang mga gusali ay guguhho.

*Mga Kahirapan at Pag-uusig na Darating:* Habang si Jesus ay nakaupo sa Bundok ng mga Olibo, palihim siyang tinanong ng kanyang mga alagad, “kailan mangyayari ang Iyong mga sinabi, at ano ang mga palatandaan ng kanyang muling pagparito at ng katapusan ng mundo?” Ito ang ilan sa mga sagot ni Jesus:

1. *Sapagkat marami ang darating sa ngalan Ko, at sasabihing sila ang Cristo, at marami ang malilinlang.*
2. *Makakarinig kayo ng mga digmaan at mga rebolusyon, subalit huwag kayong mabahala. Kailangang mangyari ang mga ito,*
3. *Maglalaban ang bansa laban sa bansa, at kaharian laban sa kaharian.*
4. *Magkakaroon ng lindol, taggutom at salot sa maraming lugar. Lahat ng ito ay tulad sa simula ng hirap sa panganganak.*
5. *Kayo ay pahihirapan at papatayin, kapopootan kayo ng lahat ng bansa dahil sa Akin.*
6. *Marami ang tatalikod sa pananampalataya at makararanas ng pagtataksil at pagkamuhi.*
7. *Maraming mga huwad na propeta ang magsusulputan at manlilinlang ng maraming tao.*
8. *Dahil sa pagdami ng kabuktutan, ang pagmamahal ng karamihan ay manlalamig, subalit ang magiging matatag hanggang wakas ay maliligtas.*
9. *Ang gospel of the kingdom na ito ay ibubunyag sa buong mundo bilang patotoo sa lahat ng bansa, and then the end will come.*

*Ang Pag-ibig ni Jesus sa Jerusalem:* Nang malapit na si Jesus sa Jerusalem at natatanaw niya na ang lunsod, ito’y kanyang tinangisan. Sapagkat darating ang araw na magkakampo sa paligid nila ang kanilang mga kaaway. Wawasakin sila at lilipulin. Wala silang iiwanang magkapatong na bato sapagkat hindi nito pinansin ang pagdalaw ng Diyos.

*Ang Paghuhukom (Ang mga Tupa at Kambing):* Sa maluwalhating pagdating ng Anak ng Tao, kasama ang lahat ng anghel, uupo siya sa kanyang trono ng kaluwalhatian. Titipunin sa harapan niya ang lahat ng mga bansa at sila’y kanyang pagbubukud-bukurin, tulad ng ginagawa ng pastol sa mga tupa at mga kambing. Ilalagay niya sa kanyang kanan ang mga tupa at sa kaliwa naman ang mga kambing. Ang mga tupa ay pupunta sa buhay na walang hanggan samantalang ang kambing ay ilalagay sa kaparusahang walang hanggan.

Matapos ang mga pangangaral ni Jesus, at malapit na ang Paskwa, patuloy na pinagplaplanuhan ng mga punong pari at mga escriba ang pagpatay kay Jesus sapagkat natatakot sila sa mga tao.

*Binuhusan ng Pabango ang mga Paa ni Jesus.* Anim na araw bago sumapit ang Pista ng Paskwa, si Jesus ay nagpunta sa Bethania, kung saan nakatira si Lazarus na kanyang muling binuhay. Isang hapunan ang

inihanda roon para sa kanya. Si Mary ay kumuha ng isang bote ng mamahaling pabangong galing sa katas ng dalisay na nardo, at ibinuhos sa paa ni Jesus. Pagkatapos, pinunasan niya ang mga ito ng kanyang buhok. At napuno ang buong bahay ng halimuyak ng pabango.

### **Part Three: The Third and Final Passover, Death, Burial of Jesus**

Si Judas Iscariot, ang isa sa labindalawang disipulo ay pumunta sa chief priest at nagtanong kung ano ang kanilang ibibigay sa kanya kung ibibigay niya si Jesus sa kanila. Binigyan nila si Judas ng 30 pirasong silver at mula noon ay naghanap siya ng pagkakataon upang maipagkanulo niya si Jesus.

*Ang Banal na Hapunan (30AD).* Sa unang araw ng Unleavened Bread, ang mga disipulo ay nagtanong kay Jesus kung saan Niya nais na ganapin nila ang Passover. Binigyan sila ng instruction ni Jesus. Nang gabing iyon, habang sila ay kumakain, sinabi ni Jesus na ang isa sa kanila ay magtataksil sa Kanya. Sila ay nalungkot at nagtanong kay Jesus kung sila ba ang Kanyang tinutukoy. Tinanong din ni Judas kung siya ba ang Kanyang tinutukoy. Sinagot siya ni Jesus ng, Sinabi mo na.

Ngayon, habang sila ay kumakain, dumampot si Jesus ng tinapay at matapos magpasalamat sa Diyos ay pinaghati-hati Niya iyon, ibinigay sa mga alagad at sinabing, Kumuha kayo at kumain, ito ang Aking katawan.” Pagkatapos, dinampot Niya ang kopa, nagpasalamat at ibinigay iyon sa kanila at sinabing, Uminon kayong lahat mula rito, sapagkat ito ang Aking dugo na katibayan ng tipang mabubuhos para sa kapatawaran ng kasalanan ng marami.

*Hinugasan ni Jesus ang mga Paa ng mga Alagad.* Bisperas na noon ng Paskwa. Alam ni Jesus na dumating na ang takdang oras ng kanyang pag-alis sa daigdig na upang bumalik sa Ama. Pagsapit ng hapunan, inilagay na ng diyablo sa isip ni Judas na ipagkanulo si Jesus. Si Jesus ay naglagay ng tubig sa isang palanggana at sinimulang hugasan ang mga paa ng mga alagad at pinunasan ng tuwalyang nakabigkis sa kanyang baywang.

Ginawa iyon ni Jesus upang maging halimbawa sa mga alagad at ito ay kanilang tularan. Dapat din nilang hugasan ang paa ng isa't isa. Sinabi sa kanila ni Jesus na ang alipin ay hindi nakakahigit sa kanyang panginoon, ni ang sinugo kaysa sa nagsugo sa kanya. Ngayong alam na ninyo ito, pinagpala kayo kung ito'y gagawin ninyo.

*Ang Pangako tungkol sa Banal na Espiritu.* Si Jesus ay nangako sa kanyang mga alagad na sila ay bibigyan niya ng isa pang Patnubay na magiging kasama nila magpakailanman. Iyon ay ang Espiritu ng katotohanan, na hindi matanggap ng sanlibutan. Ang Espiritu Santo na isusugo ng Ama sa pangalan ni Jesus, ang siyang magtuturo sa kanila ng lahat ng bagay at magpapaalala ng lahat ng sinabi ni Jesus sa kanila.

*Idinalangin ni Jesus ang Kanyang mga Alagad:* Pagkasabi ni Jesus ng mga iyon, tumingala Siya sa langit at Kanyang sinabi na natapos na Niya ang pinapagawa ng Kanyang Ama. Idinalangin ni Jesus ang lahat ng ibinigay sa Kanya ng Ama. Hiniling ni Jesus na pakaingatan sila at bigyan ng kagalakan habang nasa sanlibutan.

*Ang Panalangin sa Gethsemane:* Isinama ni Jesus ang kanyang mga alagad sa Bundok at Siya ay nanalangin sapagkat nagsimulang mabagabag at maghirap ang Kanyang kalooban. Nagbalik Siya at dinatnan Niyang natutulog ang tatlong alagad Niya. Sinabi Niya sa kanila na sila ay magbantay at

manalangin upang huwag silang madaig ng tukso. Dalawang beses pang bumalik si Jesus sa bundok at nanalangin, dalawang beses din Niyang nadatnan ang kanyang mga alagad na natutulog. Kaya't sinabi niya sa kanila na "dumating na ang oras na ang Anak ng Tao ay ipagkakanulo sa mga makasalanan.

*Ang Pagdakip Kay Jesus (30AD).* Nagsasalita pa lamang si Jesus, nang dumating si Judas kasama ang maraming tao na may dalang mga tabak at pamalo. Isinugo sila ng mga punong pari at mga pinuno ng bayan. Nilapitan ni Judas si Jesus at hinagkan sapagkat sinabi niya sa mga tao na kung sino ang kanyang hahagkan, iyon ang kanilang dadakpin.

Nangyari ang lahat ng iyon upang matupad ang sinulat ng mga propeta. Dinakip si Jesus at tumakas ang mga alagad.

*Si Jesus sa Harap ng Kataas-taasang Kapulungan ng mga Judio:* Si Jesus ay dinala sa bahay ni Caiafas, ang pinakapunong pari; doon nagtipon ang mga tagapagturo ng Kautusan at ang mga pinuno ng bayan. Samantala, ang buong kapulungan ay naghahanap ng maipaparatang laban kay Jesus ngunit wala silang nakita kahit na maraming humarap na sinungaling na saksi laban sa kanya. Biglang may dalawang saksi na humarap at nagsabing "kaya ni Jesus gibain ang Templo ng Diyos at muli itong itatayo sa loob ng tatlong araw."

Hindi umiimik si Jesus at tinanong Siyang muli ng pinakapunong pari kung siya ba talaga ang Cristo, na Anak ng Diyos. At sumagot si Jesus na di magtatagal at makikita na nila ang Anak ng Tao na nakaupo sa kanan ng makapangyarihang Diyos at dumarating na nasa alapaap!

Pagkarinig nito, pinunit ng pinakapunong pari ang kanyang damit at sinabing nilapastangan ni Jesus ang Diyos. At nais nilang mamatay si Jesus. Dinuraan nila si Jesus sa mukha at pinagsusuntok. Pinagsasampal naman siya ng iba, at kinutya.

*Ikinaila ni Peter si Jesus:* Samantala, si Peter ay nakaupo noon sa patyo. Nilapitan siya ng isang babae at tinanong kung kasamahan rin siya ni Jesus na taga-Galilea. Ngunit nagkaila si Peter sa harap ng lahat. Tatlong beses ikinaila ni Peter si Jesus. At tumilaok ang manok. Biglang naalala ni Peter ang sinabi ni Jesus, "na bago tumilaok ang manok, tatlong beses niyang ikakaila si Jesus." Lumabas si Peter at tumangis nang buong kapaitan.

*Dinala si Jesus kay Pilato:* Kinaumagahan, nagpulong ang mga punong pari at mga pinuno ng bayan kung paano nila maipapapatay si Jesus. Siya'y kanilang iginapos at dinala kay Pilato na gobernador.

*Ang Pagkamatay ni Judas:* Nang malaman ng taksil na si Judas na si Jesus ay nahatulan na mamatay, nagsisi siya at isinauli sa mga punong pari at mga pinuno ng bayan ang tatlumpung pirasong pilak. Inihagis ni Judas sa loob ng Templo ang mga pilak at pagkaalis doon, siya'y nagbigti.

*Sa Harapan ni Herodes:* Nang malaman ni Pilato na si Jesus ay sakop ni Haring Herodes, ipinadala nila si Jesus sa kanya. Tuwang-tuwa si Herodes nang makita si Jesus. Matagal na niyang ibig makita ito sapagkat marami siyang nababalitaan tungkol dito. Umaasa si Herodes na gagawa si Jesus ng ilang himala, at nais niyang makita iyon. Marami siyang itinanong kay Jesus, ngunit hindi ito sumagot kahit minsan.

Si Jesus ay hinamak at tinuya ni Herodes at ng mga kawal nito. Siya ay dinamitan nila ng magarang damit, at ipinabalik kay Pilato. At nang araw ding iyon, naging magkaibigan sina Herodes at Pilato na dati'y magkagalit.

*Hinatulang Mamatay si Jesus:* Nakaugalian na ng gobernador na tuwing Paskwa ay magpalaya ng isang bilanggo na hinihiling ng taong-bayan. Noon ay may isang kilalang bilanggo na kilala sa kasamaan na ang pangalan ay Barabbas. Tinanong ni Pilato ang taong bayan kung sino ang nais nilang palayain. Si Barabbas ba o si Jesus na tinawag na Cristo. Ngunit mas pinili ng mga tao na palayain si Barabbas. At nais nila na si Cristo ay ipako sa Krus.

Walang nagawa si Pilato kaya't pinalaya nila si Barabbas at ipinahagupit si Jesus. Pagkatapos, ibinigay siya sa kanila upang ipako sa krus.

*Hinamak ng mga Kawal si Jesus:* Si Jesus ay dinala ng mga kawal ng gobernador sa palasyo nito, at nagkatipon ang buong batalyon sa paligid niya. Siya'y hinubaran nila at sinuotan ng isang balabal na matingkad na pula. Kumuha sila ng matitinik na baging at ginawa itong korona at ipinutong sa Kanya. Pagkatapos, pinahawak sa Kanyang kanang kamay ang isang tangkay ng tambo. Siya'y niluhud-luhuran nila at kinutya. Matapos kutyain, hinubad nila ang balabal at muling sinuotan ng sarili niyang damit. Pagkatapos, inilabas Siya upang ipako sa krus.

#### Crucifixion (30 AD)

*Ipinako sa Krus si Jesus:* Paglabas ng lungsod, nakita ng mga sundalo si Simon na taga-Cirene. Pilit nilang ipinapasan sa kanya ang krus ni Jesus. Binigyan nila si Jesus ng alak na hinaluan ng apdo, ngunit nang matikman Niya iyon ay hindi niya ininom.

Nang maipako na si Jesus sa krus, pinaghati-hatian ng mga kawal ang Kanyang mga damit, naupo sila at Siya'y binantayan. Inilagay nila sa Kanyang ulunan ang paratang laban sa Kanya na may nakasulat na ganito, "Ito'y si Jesus na Hari ng mga Judio." At may dalawang magnanakaw na ipinako rin sa krus na kasabay ni Jesus.

*Ang Pagkamatay ni Jesus:* Nang mag-aalas tres na ng hapon, sumigaw si Jesus at Kanyang sinabi sa Diyos Ama kung bakit Siya nito pinabayaan. At sa pangalawang pagkakataon, muling sumigaw si Jesus nang malakas at Siya'y nalagutan ng hininga.

Biglang nahati ang tabing ng Templo. Nayanig ang lupa at nabiyak ang mga bato. Nasindak ang opisyal at ang mga kawal nang maramdaman nila ang lindol at masaksihan ang lahat ng nangyari. Sabi nila "Tunay na siya'y Anak ng Diyos".

*Ang Paglibing Kay Jesus:* Pagsapit ng dilim, dumating si Joseph, isang mayamang taga-Arimathea na tagasunod din ni Jesus. Kinuha niya ang bangkay ni Jesus binalutan niya ito ng malinis na tela ng lino. Inilagay niya ito sa kanyang libingan. Naroon sina Mary Magdalene at ang isa pang Mary na nakaupo sa tapat ng libingan.

*Ang mga Bantay sa Libingan:* Kinabukasan, pagkatapos ng Araw ng Paghahanda, sama-samang nagpunta kay Pilato ang mga punong pari at ang mga Pariseo. Sinabi nila pabantayan ang libingan ni Jesus dahil

baka sila'y dayain ng mga alagad ni Jesus sapagkat naalala nila ang sinabi ni Jesus na Siya ay mabubuhay sa ikatlong araw.

#### The Resurrection (30AD)

*Muling Nabuhay si Jesus:* Makaraan ang Araw ng Pamamahinga, sa pagbubukang liwayway nang unang araw ng linggo, pumunta si Mary Magdalene at ang isa pang Mary sa libingan ni Jesus upang tingnan ito. Biglang lumindol nang malakas sapagkat bumabâ mula sa langit ang isang anghel ng Panginoon. Iginulong nito ang batong nakatakip sa libingan at umupo sa ibabaw niyon.

Sinabi sa kanila ng anghel na si Jesus ay wala na sa libingan sapagkat ito ay muling nabuhay. Ipinakita ng anghel ang himlayan ni Jesus. At sinabing magmadali sila at ibalita sa Kanyang mga alagad na Siya'y muling nabuhay!

Ngunit sinalubong sila ni Jesus at binati. Lumapit sila sa Kanya, hinawakan ang Kanyang mga paa at sinamba Siya. Sinabi sa kanila ni Jesus, "Huwag kayong matakot. Humayo kayo't sabihin sa mga kapatid Ko na pumunta sila sa Galilea, at makikita nila Ako roon."

*Ang Ulat ng mga Bantay:* Nalaman ng punong pari ang nangyari. Sinuhulan nila ang mga bantay na ipamalita na ninakaw ng mga alagad ang bangkay ni Jesus upang mangyari ang sinabi Niya na Siya ay mabubuhay sa ikatlong araw.

*Nagpakita si Jesus sa Kanyang mga Alagad:* Habang nag-uusap ang mga alagad, tumayo si Jesus sa kalagitnaan nila at sinabing sumakanila ang kapayapaan. Natigilan ang mga alagad at natakot sapagkat akala nila'y nakakita sila ng multo. Parang hindi pa rin sila makapaniwala sa laki ng galak at pagkamangha. Humingi sa kanila si Jesus ng pagkain at kumain Siya sa kanilang harapan.

Sinabi ni Jesus sa kanila na iyon ang tinutukoy Niya nang sabihin Niya sa kanila na Siya ay lagi nilang kasa-kasama. Binuksan Niya ang kanilang pag-iisip upang maunawaan nila ang mga Kasulatan. Sinabi Niya sa kanila, Ganito ang nasusulat: kinakailangang magdusa at mamatay ang Cristo; at pagkatapos, Siya'y muling mabubuhay sa ikatlong araw. Sa Kanyang pangalan, ang pagsisisi at kapatawaran ng mga kasalanan ay dapat ipangaral sa lahat ng mga bansa, magmula sa Jerusalem. Kayo ang mga saksi sa mga bagay na ito. Tandaan ninyo, isusugo Ko sa inyo ang ipinangako ng aking Ama, kaya't huwag kayong aalis sa Jerusalem hangga't hindi kayo napagkakalooban ng kapangyarihang mula sa langit."

*Ang Pag-Akyat ni Jesus sa Langit.* Pagkatapos ng mga ito, sila'y isinama ni Jesus sa labas ng lunsod. Pagdating sa Bethania, itinaas Niya ang Kanyang mga kamay at sila'y binasbasan. Habang binabasbasan Niya sila, Siya'y umalis at dinala paakyat sa langit. Siya'y sinamba nila at pagkatapos ay bumalik sila sa Jerusalem na punung-puno ng kagalakan. Palagi silang nasa Templo at doo'y nagpupuri sa Diyos.

#### Ang Ascension (30 AD)

Sa mga huling sandali ng Panginoong Jesus sa lupa, bago Siya umakyat sa langit, nakipagkita Siya sa labing isang alagad sa Galilea, sa bundok na Kanyang sinabi sa kanila. Lumapit si Jesus sa kanila. Sinabi ni Jesus na ibinigay na sa Kanya ang lahat ng kapangyarihan sa langit at sa lupa. Kaya't inutusan Niya ang mga alagad na humayo at gawing alagad ang mga tao sa lahat ng bansa. Inutos din Niyang bautismuha sila sa pangalan ng Ama, ng Anak at ng Espiritung Banal. Dapat nilang turuan at sumunod

ang mga ito sa lahat ng Kanyang iniutos at Siya ay lagi nilang kasama hanggang sa katapusan ng panahon.

Sinabi Niya rin sa Kanyang mga alagad na huwag munang aalis at hihintayin nila ang ipinangako ng Ama na sila ay babautismuhan ng Banal na Espiritu. Nang sa ganoon, sila ang Kanyang magiging saksi sa Jerusalem, sa buong Judea at Samaria at sa kasulok-sulukan ng mundo.

Matapos magsalita ng Panginoong Jesus, nakita ng mga alagad na umaangat Siya at kinuha Siya ng ulap mula sa kanilang mga paningin. Habang nakatitig sila sa langit, may dalawang lalaki na nagsabi sa kanila na si Jesus na kinuha sa kanila patungong langit ay babalik din sa ganoong paraan kung paano nila Siyang nakita na umakyat sa langit.

#### The road to Emmaus (Luke 24:13-35)

Sa araw ding iyon, sina Cleopas at Simon ay naglakbay patungo sa isang bayan ng Emmaus, pitong milya mula sa Jerusalem. Pinag-uusapan nila ang mga kaganapan. Habang sila ay nag-uusap, lumapit si Jesus subalit hindi nila Siya nakilala. Tinanong sila ni Jesus kung ano ba ang kanilang pinag-uusapan. Sinabi ni Cleopas sa Kanya na Siya lang ang dayuhan na hindi nakakaalam ng mga pangyayaring kaganapan lamang sa Jerusalem. Tinanong sila ni Jesus kung anong mga pangyayari iyon.

Tumugon sila, Ang tungkol kay Jesus na taga Nazareth. Siya ay isang propeta na makapangyarihan sa salita at gawa sa harap ng Diyos at ng mga tao. Subalit Siya ay isinakdal ng aming punong pari at mga pinuno ng bayan upang mahatulan ng kamatayan kaya Siya ay ipinako sa krus. Siya pa naman ang inaasahan naming magpapalaya sa aming bayan. Nabigla kami sa ibinalita ng mga kababaihang kasama namin na hindi nila natagpuan ang Kanyang bangkay nang sila ay pumaroon sa libingan kaninang madaling araw. Nagbalik sila at ang sabi ay nakakita raw sila ng pangitain, mga anghel na nagsabing si Jesus ay buhay.

Sinagot sila ni Jesus, Napakahangal ninyo at ang kupad maniwala sa mga ipinahayag na ng mga propeta. Di ba't kailangang magdusa ng Cristo bago Siya pumasok sa Kanyang kaluwalhatian? Ipinaliwanag ni Jesus ang lahat ng sinasabi ng Kasulatan tungkol sa Kanya, simula pa lang sa aklat ni Moses hanggang sa mga sinulat ng mga propeta.

Nang malapit na sila sa bayan, niyaya nilang sumama si Jesus sa kanila. Sa hapag kainan, kinuha ni Jesus ang tinapay, pinagpala ito at ipinamahagi sa kanila. Noon lamang nabuksan ang kanilang mga mata at nakilala si Jesus subalit Siya ay biglang naglaho. Nasabi nila sa isa't isa na kaya pala parang nag-aalab ang kanilang puso habang sila ay kinakausap Niya sa daan at ipinaliliwanag ang mga Kasulatan.

Tumayo sila at nagbalik sa Jerusalem. Dinatnan nilang nagkakatipon ang ibang kasamahan nila. Ibinalita nilang totoong muling nabuhay ang Panginoon.

#### Jesus showed himself to 500

Ipinaalala ni Paul sa mga taga Corinto ang patungkol sa ebanghelyo na kanyang ibinahagi sa kanila na kanilang tinayuan. (1 Corinthians 15:1-7)

Sinabi rin niya na ang kanyang ipinamahagi sa kanila ay pinakamahalaga: na si Cristo ay namatay para sa ating mga kasalanan ayon sa mga Kasulatan, na Siya ay inilibing at muling nabuhay sa ikatlong araw

ayon sa mga Kasulatan. At si Cristo ay nagpakita kay Cephas at pagkatapos sa labindalawa. Matapos nito ay nagpakita rin Siya sa 500 kapatiran sa isang pagkakataon. Pagkatapos ay nagpakita din si Jesus kay James at sa lahat ng apostles. At pinakahuli, nagpakita si Jesus sa kanya.

#### Some dead rose to life

Sa pagpapatuloy ni Paul, sinabi niyang kung ipinangangaral na si Cristo ay muling nabuhay mula sa mga patay, bakit sinasabi ng iba sa inyo na walang resurrection of the dead? Sapagkat kung walang resurrection of the dead, disin sana'y hindi rin nabuhay muli si Cristo. At kung hindi nga nabuhay muli si Cristo, ang kanyang pangangaral ay walang saysay maging ang kanilang pananampalataya. Higit pa roon, sila ay mga bulaang testigo ng Diyos sapagkat sila ay nagpatotoo tungkol sa Diyos na binuhay muli si Cristo mula sa mga patay. Kung ang mga patay ay hindi nabuhay muli, samakatuwid, si Cristo ay hindi rin nabuhay muli. At kung magkagayon, ang inyong pananampalataya ay walang saysay. At ang mga natutulog na kay Cristo ay napahamak na. Kung sa buhay lamang na ito tayo nagsisiasa kay Cristo, tayo na ang pinaka-kaawaawa.

Subalit si Cristo nga ay muling nabuhay mula sa mga patay, ang panganay sa mga nangatulog na. Sapagkat ang kamatayan ay pumasok sa pamamagitan ng isang tao, ang pagkabuhay muli ay magmumula din sa isang tao. Sapagkat kung paanong kay Adan ang lahat ay namatay, gayon din naman kay Cristo ang lahat ay bubuhayin. Datapwat ang bawat isa ayon sa kanyang sariling katayuan; si Cristo ang pangunahing bunga; pagkatapos ay ang mga na kay Cristo, sa Kanyang pagparito. Kung magkagayo'y darating ang wakas, kapag ibibigay na Niya ang kaharian sa Diyos Ama pagkatapos Niyang lipulin ang lahat ng paghahari, at lahat ng kapamahalaan at kapangyarihan. Sapagkat nararapat Siyang maghari sa oras na mailagay Niyang lahat ng Kanyang mga kaaway sa ilalim ng Kanyang talampakan. Ang pinakahuling kaaway na lilipulin ay ang kamatayan. (1 Corinthians 15:12-26)

### **The Early Years of Christianity**

#### **Introduction**

Ayon sa tradition, sinasabing ang may-akda ng ang Aklat ng Acts ay si Luke, isang physician, na kasa-kasama ni Paul sa kanyang ikalawa at pangatlong missionary journeys. Makikita ang ebidensya na si Luke ang may-akda dahil sa mga passages na nagsasaad ng "we" hanggang sa bandang huli ng aklat. Ipinakita dito na kasa-kasama ng may-akda si Paul sa paglalakbay nito mula sa Troas, Asia Minor patungong Philippi sa continent ng Europe at pabalik. Pagkatapos nito, naglakbay din si Paul sa Palestine patungong Rome.

Ipinahihiwatig na ang aklat ng Acts ay naisulat bago mag AD 70, 80-85 o 105 – 130. Ang pagtanaw na ang aklat ng Luke at Acts ay naisulat bago masira ang Jerusalem noong AD 70 ay nakabase sa mga sumusunod na pagsasa-alang-alang: Una, natapos ang chapter 28 na si Paul ay under house arrest. Habang hinihintay niya ang kanyang pagharap kay Caesar, patuloy siyang nakakatanggap ng mga bisita na kanyang natuturuan. Maaaring ito ay nangyari noong AD 64 nang may maganap na malaking sunog sa Rome kung saan pinagbibintangan ni Emperor Nero ang mga Cristiano na silang may kagagawan nito. Pangalawa, hindi binanggit sa aklat ang kamatayan ni Paul, na mababasa naman sa 2 Timothy 4 na nangyari noong AD 68.

Pangatlo, Ang aklat na ito ay nagsasaad ng history ng Christian Church at ang paglaganap ng ebanghelyo ng Panginoong Jesus bagamat maraming oposisyon. Marami ring matapat na lingkod ang ginamit upang ipangaral at ituro ang ebanghelyo ni Jesu Cristo. Ang pinaka-maimpluwensya sa kanila ay si Saul, na

later on ay pinalitan ang pangalan ng Paul. Siya ay persecutor ng mga mananampalataya at pinapapatay niya ang mga ito hanggang mangyari ang ma-dramang conversion niya sa Road to Damascus. Ang pangyayaring ito ay isang highlight ng aklat, mula sa pagiging persecutor ay napunta sa extreme na labis ang pag-ibig sa Diyos at pagtuturo ng Kanyang salita ng may kapangyarihan, pagkaalab at espiritu ng tunay at buhay na Diyos.

Ang aklat ng Acts ay nagsisilbing tulay sa pagbabago mula sa pagpapatupad ng pagsunod sa mga batas sa Lumang Tipan tungo sa Bagong Tipan ng biyaya at pananampalataya. Ang mga pagbabagong ito ay mapagmamasdan sa Old Testament kung saan ang gawain ng Banal na Espiritu ay ang pag-annoint ng mga tao ng Diyos tulad nina Moses, Othniel, Gideon at Saul. Samantalang sa New Testament, matapos ang resurrection ng Panginoong Jesus, ang Banal na Espiritu ay nananahan na sa puso ng mga mananampalataya, na siyang gumagabay at nagbibigay liwanag sa kanilang kaisipan. Ito ay kaloob ng Diyos sa mga lumapit sa Kanya sa pamamagitan ng pananampalataya.

### The Coming of the Holy Spirit

Nang umakyat na sa langit si Jesus, bumalik na ang mga alagad sa Jerusalem mula sa Mt. Olivet. Pagdating nila roon, nagtungo sila sa “upper room” kung saan sila tumutuloy. Ang mga alagad na nagtipon ay sina Peter, John, James, Andrew, Philip, Thomas, Bartholomew, Matthew, James (anak ni Alphaeus), Simon (the Zealot) at Judas (anak ni James). Kasama nila ang ilang kababaihan at si Mary, ang ina ni Jesus, at ang Kanyang mga kapatid. Nag-ukol sila ng panahon sa pananalangin.

Nang mga panahong iyon, ang bilang nila ay 120 at sa pangunguna ni Peter, sila ay pumili ng papalit kay Judas Iscariot, na nagkanulo sa Panginoong Jesus. Nag-cast sila ng lots between Joseph at Matthias. Si Matthias ang kanilang napili ayon sa kalooban ng Diyos.

*Ang Pagbaba ng Banal na Espiritu (30AD).* Nang dumating ang araw ng Pentecost, ang mga alagad ay nagtipon sa isang lugar. Biglang may malakas na ugong ng hangin na narinig sa buong kabahayan at may mga dila ng apoy na lumitaw at pumatong sa ulo ng bawat isang naroon. Sila ay napuspos ng Banal na Espiritu at ang bawat isa ay nagsalita sa iba’t ibang wika ayon sa ipinagkaloob sa kanila ng Espiritu.

May mga matapat na Judio, na nagmula sa bawat nasyon sa ilalim ng langit, na naroon ang nagulat at nagtaka sapagkat narinig nila ang mga alagad na nagsasalita sa kanilang sariling wika.

Si Peter ay nangaral nang araw na iyon at sinabi niyang sila ay dapat magsisi at magpabautismo sa pangalan ni Cristo Jesus para sa kapatawaran ng kanilang kasalanan at tatanggapin nila ng kaloob ng Banal na Espiritu. Tatlong libong kaluluwa ang nadagdag sa kanila nang araw na iyon.

At itinalaga nila ang kanilang sarili sa pagtuturo ng mga apostol at fellowship, sa breaking of bread at pananalangin. At patuloy na dinagdagan ng Panginoon ang kanilang bilang araw-araw.

Si Peter, kasama si John, ay nagpagaling ng isang pilay nang sila ay patungo sa Templo. Nakita ng mga tao ito na nagsilapit sa kanila. Nangaral siya sa pagkakataong ito.

### Peter and John before the Council (30AD)

Habang sila ay nangagalar, nilapitan sila ng mga pari, capitan ng Temple at mga Sadducees na naiinis sapagkat ipinangangaral nila ang patungkol sa pagkabuhay-muli ni Jesus. Kinabukasan sila ay humarap



kina Annas, Caiaphas, John at Alexander at mga miyembro ng high-priestly families sapagkat kinukwestiyon sila patungkol sa kanilang awtoridad ng pagpapagaling. Matapang na sinabi ni Peter na ang kanilang kapangyarihan ay nanggaling sa pangalan ni Jesus na kanilang ipinako sa krus. Sinabihan sila ng council na huwag nang babanggitin o magtuturo tungkol kay Jesus subalit tumanggi sila Peter. Walang nagawa ang council kundi pakawalan sila sapagkat ang mga tao ay nagpupuri sa Diyos dahil sa pangyayari.

#### Death of Ananias and Sapphira (30AD)

Walang ni isang may pangangailangan sapagkat ang mga mananampalataya ay nagbebenta ng kanilang mga ari-arian at ibinibigay sa mga apostol sa mga nangangailangan.

Ang mag-asawang Ananias at Sapphira ay nagbenta ng bahagi ng kanilang ari-arian. Subalit bahagi ng pinagbentahan ay itinabi niya at ang ibang bahagi ay ibinigay niya sa mga apostol. Tinanong siya ni Peter kung bakit hinayaan niyang sulsulan siya ni Satan para magsinungaling sa Banal na Espiritu. Dahil dito, siya ay namatay. Makalipas ang ilang oras, dumating si Sapphira at tinanong siya ni Peter patungkol sa napagbentahan. Nagsinungaling din siya tulad ng kanyang asawa kaya siya ay namatay din.

Patuloy na nagpagaling ng mga tao ang mga apostol at patuloy ding nadadagdagan ang mga sumasampalataya sa Panginoon. Dahil dito, nagselos ang high priest at mga Sadducees kaya sila ay pinaaresto at ipinakulong. Subalit nang kinagabihan, binuksan ng anghel ng Panginoon ang kanilang celda, pinalabas sila at sinabihang tumayo sa Templo at mangaral sa mga tao. Kinaumagahan, ganoon nga ang ginawa ng mga apostol.

Nang hulihin muli sila upang humarap sa council na nagsabi sa kanilang huwag magtuturo, sinagot sila ni Peter ng, Susundin namin ang Diyos kaysa sa tao. Ipapapatay sana ng council ang mga apostol subalit binalaan sila ni Gamaliel, isang Pharisee na guro ng batas, na mag-ingat sila sa kanilang balak. Kaya ginulpi na lamang nila ang mga apostol at pinagbawalang magsalita tungkol kay Jesus.

Ang mga disciples ay dumarami na kaya sinabi ng mga apostol sa kanila na pumili ng pitong tao na puspos ng Banal na Espiritu at puno ng karunungan na siyang iintindi ng mga material na pangangailangan nila upang maituon ng mga apostol ang kanilang panahon sa pananalangin at pagtuturo ng salita.

#### Stephen (31 AD)

Si Stephen na puspos ng biyaya at kapangyarihan ng Banal na Espiritu ay gumagawa ng mga kababalaghan. Marami ang nakikipagtalo sa kanya subalit hindi sila manalo kaya nanghikayat sila ng mga false witnesses upang tumestigo laban kay Stephen. Nang humarap siya sa council, ang tingin sa kanya ng bawat isa ay para siyang anghel. Nagsalita siya patungkol sa mga kaganapan mula nang pagkatawag ng Panginoon kay Moses hanggang sa pagkamatay ni Jesus. Nagalit ang mga nakikinig sa kanya. Inilabas nila si Stephen ng lungsod at pinagbabato. Inilatag ng mga testigo ang kanilang mga kasuotan sa paanan ni Saul habang binabato si Stephen. Sinabi ni Stephen sa Panginoon na tanggapin ang kanyang espiritu.

Inaprubahan ni Saul ang execution ni Stephen. Matinding persecution ang dinanas ng iglesya nang mga panahong iyon. Sila ay nagkalat sa iba't ibang dako sapagkat nagbahay-bahay si Saul.

### Philip sa Samaria (31AD)

Bagamat sila ay nagkalat na, patuloy pa rin silang nangaral. Si Philip ay nagtungo sa Samaria at doon nangaral at nagpagaling ng mga may sakit. Si Simon na isang magician ay sumama kay Philip sa kanyang pangangaral sapagkat siya ay namangha. Nang malaman ng mga apostol sa Jerusalem ang nangyayari sa Samaria, pinapunta nila sina Peter at John doon upang ipanalangin ang mga bagong binautismuhan sa pangalan ng Panginoong Jesus. Nang makita ni Simon ang pagtanggap nila ng Banal na Espiritu, inalok niya ng bayad ang mga apostol upang mapasakanya rin ang Banal na Espiritu. Siya ay ni-rebuke ng mga apostol.

### Philip at ang Eunuch (31AD)

Inutusan ng anghel ng Panginoon si Philip na magtungo sa daang timog na mula sa Jerusalem pagtungo sa Gaza. Sa desiyertong iyon, natagpuan niya ang isang Ethiopian eunuch, nakasakay sa kanyang chariot, na nanggaling sa Jerusalem upang sumamba at ngayo'y pauwi. Hinabol ni Philip ang chariot sapagkat inutusan siya ng Espiritu na samahan ang eunuch. Narinig niyang nagbabasa ito mula sa aklat ng Isaiiah at tinanong niya kung naiintindihan ang binabasa nito. Sinabi ng eunuch kay Philip na malibang may magpaliwanag sa kanya ng mga talata ay hindi niya ito mauunawaan. Mula sa scripture ay ipinaliwanag ni Philip ang mabuting balita tungkol kay Jesus. Habang nasa daan, nakakita ang eunuch ng tubig kaya sa oras ding iyon ay nagpabautismo siya. Pag-ahon nila sa tubig, kinuha na ng Espiritu ng Diyos si Philip at natagpuan na lang niya ang kanyang sarili sa Azotus. Siya ay patuloy na nangaral hanggang makarating ng Caesarea.

### Ang Conversion ni Paul (34 AD)

Si Saul ay patuloy na nag-persecute ng mga alagad kaya nagtungo siya sa high priest upang manghingi ng mga sulat para sa mga synagogues sa Damascus nang sa ganoon ay mahuli niya ang mga alagad na naroon.

Nang papalapit na si Saul sa Damascus, pumalibot sa kanya ang maliwanag na kislap ng ilaw mula sa langit. Napadapa siya at narinig niya ang isang tinig na nagsabing Siya si Jesus na kanyang inuusig. Walang masabi ang mga taong nakapaligid kay Saul sapagkat narinig nila ang tinig ngunit wala silang nakita. Nang bumangon si Saul at binuksan ang kanyang mga mata, wala siyang makita. Inakay siya ng mga kasamahan patungo sa lungsod.

Ang disipulong si Ananias ay kinausap ng Panginoon at inutusan siyang pumunta sa bahay ni Judas at hanapin doon si Saul. Bagamat siya'y nag-alinlangan, sumunod siya sa utos ng Panginoon. Sinabi ng Panginoon sa kanya na si Saul ay pinili Niya bilang testigo Niya sa mga gentiles, sa mga hari at sa mga anak ng Israel.

Matapos patungan ng kamay ni Ananias si Saul, may parang kaliskis na bumagsak mula sa mata niya at siya ay binautismuhan.

Ilan araw pa lang siyang kasama ng mga disipulo sa Damascus, siya ay nangaral na patungkol kay Jesus na Anak ng Diyos. Nabigla ang karamihan sa kanyang mga proklamasyon subalit si Saul ay patuloy na lumakas sa kanyang pangangaral. Pinagplanuhan siyang patayin ng mga Judio kaya itinakas siya ng mga disipulo doon sa pamamagitan ng butas sa pader.

Pagdating ni Saul sa Jerusalem, natakot ang mga disipulo doon subalit tumestigo si Barnabas para kay Saul kung paano siyang kinausap ng Panginoon sa Damascus at kung paano siyang nangaral ng may katapangan sa pangalan ni Jesus. Kaya nangaral din siya sa Jerusalem subalit kinailangan siyang itakas na naman ng mga disipulo sapagkat maraming nakikipagtalo sa kanya na nais pa siyang patayin. Dinala siya ng mga kapatid sa Caesarea at pagkatapos pinapunta siya sa Tarsus.

#### Peter at Cornelius (37 AD)

Si Cornelius na isang centurion sa Caesarea ay kinausap ng Panginoon sa panaginip. Sinabi sa kanya ng Panginoon na ipasundo niya ang isang taong nagngangalang Peter na nasa Joppa. Inutusan nga niya ang kanyang mga tauhan na gawin ito.

Sa Joppa, si Peter ay nagkaroon ng vision mula sa Panginoon. Iba't ibang uri ng hayop ang lumabas at sinabi sa kanya ng Panginoon na kumain nito. Subalit ayaw niya sapagkat ito ay marumi. Sinabi ng Panginoon, Kung ano ang ginawang malinis ng Diyos ay hindi dapat tawaging marumi. Habang siya ay nagugulumihanan pa sa kanyang panaginip, ang mga tauhan ni Cornelius ay naroon na upang siya ay sunduin. Kinabukasan, sumama siya sa mga tauhan at nang sila ay magtagpo ni Cornelius, ikinuwento ng centurion ang kanyang panaginip. Kaya silang lahat ay nakinig sa mga pangungusap ni Peter. Hindi pa man siya natatapos magsalita, ang Banal na Espiritu ay bumaba sa mga nakikinig kaya ang mga kasama ni Peter ay humanga sapagkat ang kaloob ng Banal na Espiritu ay ibinigay din sa mga gentiles.

Nabalitaan ng mga apostol at mga kapatiran sa buong Judea ang nangyari sa Caesarea. Pagdating ni Peter sa Jerusalem, sinalubong siya ng mga circumcised Jewish believers at pinulaan siya ng mga ito. Ipinaliwanag ni Peter sa kanilang lahat ang buong pangyayari at pagkatapos nito, sila ay nanahimik na. Sinabi nilang ang kapatawaran na nagdadala ng buhay ay ibinigay na rin ng Diyos sa mga gentiles.

#### Ipinadala si Barnabas sa Antioch (42 AD)

Ang mga nakaranas ng persecution dahil sa nangyari kay Stephen ay naglakbay hanggang Phoenicia, Cyprus at Antioch. Hindi sila nakikipag-usap maliban sa mga Judio. Subalit nang pagdating nila sa Antioch, may matatapang na mga lalaki na taga Cyprus at Cyrene na nakipag-usap sa mga Hellenist at sila ay nangaral tungkol sa Panginoong Jesus. Ang kamay ng Panginoon ay nasa kanila kaya marami ang naniwala at tumalima sa Panginoon. Ang balitang ito ay nakarating sa Jerusalem kaya isinugo nila si Barnabas sa Antioch. Siya ay natuwa sa kanyang nasaksihan kaya tinagubilinan niya ang mga mananampalataya doon na manatiling tapat.

Pinuntahan ni Barnabas si Saul sa Tarsus at dinala niya ito sa Antioch. Nanatili sila doon ng isang taon upang magturo sa maraming tao. Sa Antioch unang tinawag na "Christians" ang mga disipulo doon.

#### Si Peter ay Pinakawalan ng Anghel (42AD)

Sa panahong ito, si King Herod ay nagmamalupit sa mga mananampalataya. Pinapatay niya si James na kapatid ni John. Nakita niyang nalulugod ang mga Judio sa kanyang ginawa kaya ipinakulong niya si Peter. Nang gabing iyon dalawang guwardiya ang nagbabantay sa kanya habang siya ay natutulog, nang biglang magliwanag ang buong selda. Ginising siya ng anghel at inutusan siyang sumunod sa kanya. Nilagpasan nila ang mga sundalo hanggang makalabas siya ng kulungan at nawala na ang anghel. Pumunta siya sa bahay ni Mary, na nanay ni John Mark, kung saan kasama ang maraming nananalangin para sa kanya.

### Ang kamatayan ni Herod (44 AD)

Pinapatay ni Herod ang mga guwardiya. Nagtungo siya sa Caesarea. Nagalit siya sa mga taga Tyre at Sidon. Nang siya ay nagtatalumpati, pinatay siya ng anghel ng Panginoon sapagkat hindi niya ibinigay ang karangalan sa Diyos.

### Paul's First Missionary Journey (48 AD)

Habang sumasamba ang mga Christians sa Antioch, nangusap ang Banal na Espiritu sa kanila at sinabing ibukod nila si Saul at Barnabas sapagkat sila ay tinawag sa isang gawain.

Sina Saul at Barnabas ay nagtungo sa Seleucia at mula roon ay naglayag patungong Cyprus. Pagdating nila sa Salamis, nagturo sila sa synagogue at tinulungan sila ni John Mark. May isang proconsul na nagpatawag sa kanila upang makarinig ng salita ng Diyos subalit ito ay hinadlangan ng isang magician, si Elymas. Subalit ni rebuke ni Saul (na tinawag ding Paul) ang masamang espiritu na nasa magician at ito ay nabulag. Dahil dito, naniwala ang proconsul.

*Pisidian Antioch.* Si Paul at ang kanyang mga kasamahan ay naglayag mula sa Paphos hanggang Perga sa Pamphylia. Doon ay iniwan na sila ni John Mark na nagbalik sa Jerusalem. Nagpatuloy pa sila Paul mula Perga hanggang sa Antioch sa Pisidia. Nagturo sila doon sa synagogue at patuloy na lumaganap ang salita ng Panginoon sa buong region. Subalit may mga Judio na nagsusulsol sa mga debotong mga kababaihan at mga leaders na kalalakihan na usigin sila Paul at Barnabas at pinaalis sila sa distrito.

*Iconium.* Nilisan nina Paul at Barnabas ang lugar na iyon at nagtungo sa Iconium. Nangaral sila sa synagogue at maraming Jews at Greeks ang sumampalataya. Subalit ang mga Judiong hindi mananampalataya ay nanulsol sa mga Gentiles at nilalason ang kanilang isipan kaya nagtagal sina Paul sa pangangaral ng may katapangan. Nagkaroon ng dibisyon ang mga tao. Nang malaman nila na balak silang saktan at batuhin, nilisan nila ang lugar at nagtungo sa Lystra.

*Derbe at Lystra.* Sa Lystra, may pinagaling si Paul na lalaking hindi nakalakad mula nang siya ay ipanganak. Nang malaman ito ng mga tao, nagdala ang pari ni Zeus ng mga panghandog sapagkat ang tingin nila kina Paul at Barnabas ay parang mga diyos nila. Itinama agad ni Paul ang kanilang maling kaisipan at ibinaling niya ang pansin ng mga tao sa tunay na Diyos. Subalit may mga Judio na nanggaling sa Antioch at Iconium na humikayat sa mga tao, binato nila si Paul at kinaladkad palabas ng lungsod. Tinulungan siya ng mga alagad at kinabukasan, nagpunta sila ni Barnabas sa Derbe. Patuloy silang nangaral at gumawa ng mga disipulo sa lugar na ito.

Pabalik sa Antioch, dumaan sina Paul at Barnabas sa Pisidia at Pamphylia. Pagtapos nilang mangaral sa Perga, bumaba sila sa Attalia, at mula dito ay naglayag na sila patungo sa Antioch. Pagdating nila roon, ibinalita nila sa kapatiran ang ginawang pagbubukas ng Panginoon ng pinto para sa mga Gentiles. Habang narito sila sa Antioch, dito isinulat ni Paul ang kanyang liham sa mga taga-Galatia.

*Ang Jerusalem Council.* Subalit may mga kalalakihan na nanggaling sa Judea ang nagtuturo sa mga kapatiran na kinakailangang sila ay matuli ayon sa kautusan ni Moses upang maligtas. At dahil wala namang pagtatalo kina Paul at Barnabas, sila at ang mga iba pa ay naatasang magtungo sa Jerusalem upang kausapin ang mga apostol at mga matatanda roon patungkol sa bagay na ito. Sa kanilang paglalakbay patungo sa Jerusalem, dumaan sila sa Phoenicia at Samaria at detalyadong inilarawan nila ang pagbabalik-loob ng mga Gentiles na nagbigay ng kagalakan sa kapatiran.

Pagdating nila sa Jerusalem, sila ay tinanggap ng iglesia at ng mga apostol at ng mga matatanda roon. Ibinalita nila kung ano ang ginawa ng Diyos sa kanila. Subalit may mga mananampalataya na kasama sa pangkat ng mga Pariseo ang nagsalita na kinakailangan tulin sila at dapat tuparin ang mga kautusan ni Moses.

Nagtipon ang mga apostles at mga matatanda upang pag-aralan ang bagay na ito. Matapos ang kanilang pagdidiscusyon, tumayo si Pedro at ipinaliwanag na noon pa man ay sinabi ng Diyos na ang mga Gentiles ay makakarinig ng ebanghelyo at sasampalataya rin sapagkat alam ng Diyos ang kanilang puso at ipinadala din ang Banal na Espiritu sa mga Gentiles tulad din ng ginawa sa kanila; wala na silang ipinagkaiba sapagkat parehong nilinis ang kanilang mga puso sa pamamagitan ng pananampalataya. Sinabi pa ni Peter na naniwala silang sila ay maliligtas sa pamamagitan ng biyaya ng Panginoong Jesus, tulad din ng iba.

Nanahimik ang buong kapulungan at nakinig sila sa mga salaysay nila Barnabas at Paul kung paanong kumilos ang Diyos upang makagawa sila ng mga signs and wonders sa harap ng mga Gentiles. Matapos ito, nagsalita naman si James, na kapatid ni Jesus upang patotohanan ang sinabi ng mga propeta noong unang panahon patungkol sa mga Gentiles na sasampalataya sa Diyos. Kaya sa kanyang pagpapasya, hindi nila dapat gambalain ang mga Gentiles na tumatalima sa Diyos, bagkus sulatan sila na umiwas sa mga diyos-diyosan, sa sexual immorality at mga binigti at sa dugo.

#### Paul's Second Missionary Journey (49 -52 AD)

Paghihiwalay ni Paul at Barnabas. Matapos ng ilang araw na pagtuturo sa Antioch, minungkahi ni Paul kay Barnabas na balikan nila ang mga lungsod kung saan sila nangaral. Nais ni Barnabas na isama si John Mark subalit ayaw ni Paul sapagkat iniwan sila nito sa Pamphylia. Nagkaroon sila ng argumento kaya naghiwalay sila. Isinama ni Barnabas si John Mark sa Cyprus. Pinili naman ni Paul si Silas at sila ay nagtungo sa Syria at Cilicia.

*Derbe at Lystra.* Nagtungo din sina Paul at Silas sa Derbe at Lystra. Naroon si Timothy na anak ng Jewish woman na ang asawa ay Greek. Nais isama ni Paul si Timothy kaya tinuli niya ito sapagkat alam ng mga Judio na naroon sa mga lugar na iyon na ang kanyang ama ay Greek.

*Philippi.* Hindi sila pinahintulutan ng Banal na Espiritu na mangaral sa Asia kaya sila Paul ay nagdaan sa Phrygia at Galatia. Sa Troas, nagkaroon ng pangitain si Paul na pinapupunta sila sa Macedonia. Sa labas ng gate ng Philippi, ang pangunahing lungsod sa Macedonia, nakipag-usap sila Paul sa mga babaeng nagtipon doon. Si Lydia, na taga Thyatira at worshipper ng Diyos, ay isa sa mga babaeng naroon. Binuksan ng Panginoon ang kanyang puso habang nakikinig kay Paul. Pagkatapos, siya at ang kanyang sambahayan ay binautismuhan.

Nang patungo na sina Paul at Silas sa lugar ng panalanginan, nagpalayas ng masamang espiritu si Paul sa isang aliping babae na manghuhula. Nang makita ng mga amo ng babae na hindi na ito mag-aakyat ng pera sa kanila, dinakip nila sina Paul at Silas at dinala sa hukom. Inutos ng hukom na sila ay bugbugin at ikulong.

*Philippian Jailer.* Sa loob ng selda habang umaawit at nananalangin sa Diyos sina Paul at Silas, lumindol ng malakas, nayanig ang buong kulungan, nabuksan ang mga pinto at natanggal ang gapos ng bawat

isang naroon. Magpapakamatay na sana ang guwardiya sa pag-aakalang tumakas ang mga preso nang mabaling ang kanyang atensyon sa tinig ni Paul. Dahil dito, nalaman niya ang daan ng kaligtasang ipinangangaral nila Paul. Isinama niya sina Paul sa kanyang tahanan, hinugasan ang kanilang mga sugat; siya at ang kanyang sambahayan ay binautismuhan.

Paglabas nila Paul at Silas sa kulungan, binisita nila si Lydia at pinalakas ang mga kapatid. Umalis na sila sa lugar na iyon.

*Thessalonica, Berea at Athens.* Sa kanilang paglalakbay, dinaanan nila ang ilang lugar hanggang makarating sila sa Thessalonica. Sa synagogue ng mga Judio, ipinaliwanag ni Paul sa kanyang mga tagapakinig kung bakit kailangang magdusa at mabuhay-muli si Cristo ayon sa kasulatan. Marami ang nahikayat at sumama kina Paul. Subalit ang mga Judio ay nagselos kaya hinikayat nila ang ilang kalalakihan upang manggulo.

Pinaalis agad ng mga kapatiran sina Paul patungong Berea. Ang mga Judio sa Berea ay mas marangal sapagkat tinanggap nila ang pagtuturo ni Paul na may kasabikan, ineksamen ang scriptures araw-araw upang matiyak na iyon nga ang nasusulat. Subalit nang malaman ng mga Judio sa Thessalonica na ang salita ng Diyos ay ipinangangaral sa Berea, sumunod din sila doon at nanggulo na naman. Dali-daling ihinatid ng mga kapatiran si Paul upang maglayag patungong Athens. Naiwan sina Silas at Timothy hanggang makatanggap sila ng utos kay Paul na sumunod sila sa kanyang kinaroroonan.

Sa Athens, habang hinihintay niya ang pagdating nila Silas at Timothy, nangingitngit ang espiritu ni Paul sapagkat ang lungsod na ito ay punung-puno ng mga diyos-diyosan. Araw-araw siyang nagpahayag sa synagogue at sa market place. May mga Stoic at Epicurean philosophers na nakikipag-usap sa kanya na nagdala sa kanya sa Aeropagus sapagkat nais nilang marinig ng lahat ang mga kakaibang sinasabi niya. Matapos niyang magsalita sa harap ng mga taga-Athens, kinutya siya ng iba, ang iba naman ay nagsabing makikinig sila muli sa kanya. Pag-alis ni Paul sa kanilang kalagitnaan, may mga sumama sa kanya tulad ni Dionysius at Damaris.

*Corinth (51 AD).* Sa Corinth, nakita ni Paul ang mag-asawang Aquila at Priscilla, mga Judio na umalis sa Italy sapagkat pinaalis ni Cladius ang mga Judio sa Rome. Dahil pareho silang tentmaker, nagtrabaho at nanuluyan si Paul kina Aquila at siya ay nagturo sa synagogue tuwing Sabbath.

Nang dumating na sina Silas at Timothy, okupado si Paul sa pagpapahayag patungkol kay Cristo sa mga Judio. Subalit nang kinakalaban na siya ng mga ito, sinabi niyang simula ngayon ang mga Gentiles na ang pagtutuunan niya. Tumuloy siya sa tahanan ni Titius Justus na nakatira sa tabi ng synagogue. Ang synagogue ruler na si Crispus ay naniwala din sa Panginoon, pati ang kanyang sambahayan.

Nangusap ang Panginoon kay Paul sa isang pangitain at sinabi sa kanyang magpatuloy magsalita at huwag matakot sapagkat maraming tao doon ang sa Panginoon. Kaya nanatili doon si Paul at nagturo sa loob ng isa't kalahating taon.

Nang maging proconsul ng Achaia si Gallio, nagka-isa ang mga Judio laban kay Paul at ihinarap siya sa tribunal. Subalit ayaw maki-alam ni Gallio sapagkat ang kanilang reklamo ay walang kinalaman sa crimen o maling gawain. Kaya inaresto nila si Sosthenes, ang ruler ng synagogue, at ito ay kanilang binugbog. Hindi binigyang pansin ni Gallio ang mga pangyayari.

Bumalik muli si Paul sa Antioch kasama sina Aquila at Priscilla. Pagdating sa Ephesus, iniwan na niya ang mag-asawa doon at siya ay nakipagpaliwanagan sa mga Judio sa synagogue. Hindi na siya nagpapigil sa mga kapatiran sa lugar na iyon subalit sinabi niyang siya ay babalik kung ito ay kalooban ng Panginoon.

Sa panahon ng kanyang pamamalagi sa Corinth, naisulat ni Paul ang una niyang liham para sa mga taga Thessalonica kung saan ang tema nito ay patungkol sa pagbabalik ni Cristo kung saan binanggit niya ang “day of the Lord.”

Gumawa siyang muli ng ikalawang liham sa mga taga-Thessalonica upang itama ang mga nagsasabi na ang araw ng Panginoon ay nangyari na. Ang isa pang concern sa kanyang liham na ito ay ang attitude ng mga mananampalataya na pagiging tamad.

#### Paul's Third Missionary Journey (53-57 AD)

Naglayag na siyang muli hanggang makarating sa Caesarea at binati ang iglesya doon. Tapos bumaba siya sa Antioch at sa mga region ng Galatia at Phrygia upang palakasin ang mga disipulo doon.

Si Apollos na taga Alexandria ay nagtungo sa Ephesus. Siya ay magaling magsalita, maalam sa Kasulatan at nagpahayag ng tama patungkol sa Panginoong Jesus bagamat ang nalalaman lamang niyang bautismo ay ang kay John. Nagpunta siya sa sinagoga at maalab na nangaral doon. Subalit nang marinig siya nila Aquila at Priscilla, kinausap siya ng mag-asawa upang ipaliwanag sa kanya ng mas tama ang way of God. Hinimok ng mga kapatiran na magpunta siya sa Achaia

*Ephesus (54 AD).* Habang si Apollos ay nasa Corinth, si Paul ay nasa Ephesus naman. Napag-alaman ni Paul na hindi pa nakakatanggap ng pagbabautismo ng Banal na Espiritu ang mga kapatiran doon. Mga 12 kalalakihan ang naroon na binautismuhan niya sa pangalan ng Panginoong Jesus at ang Banal na Espiritu ay sumakanila matapos niya silang patungan ng kamay. Sila ay nagsalita sa iba't ibang wika.

Tatlong buwan siyang nagtalumpati sa synagogue, subalit nang ang mga matitigas ang ulo ay nagsalita na laban sa grupo, isinama ni Paul ang mga disipulo sa bulwagan ni Tyrannus. Araw-araw siyang nangaral doon sa loob ng dalawang taon kaya lahat ng residents ng Asia na Jews and Greeks ay nakarinig ng salita ng Panginoon.

Ang Diyos ay gumagawa ng mga kahanga-hangang milagro sa pamamagitan ni Paul. Ultimo mga panyo at tapis na nadampi sa kanyang balat ay dinadala sa mga may sakit at sila ay gumagaling.

Sa panahon ng pamamalagi ni Paul sa Ephesus, sinulat niya ang kanyang unang liham sa mga taga-Corinth patungkol sa mga division sa iglesya, mga sexual immoralities, pag-aasawa at divorce at marami pang iba. At dahil pinauna na niya sina Timothy at Erastus sa Macedonia, panandalian muna siyang nanatili sa Asia.

Napagpasyahan ni Paul na dumaan sa Macedonia at Achaia at pagkatapos sa Jerusalem. Kapag nadaanan na niya ang mga lugar na ito, nasabi niyang kailangan din siyang dumaan sa Rome.

Noong panahon ding iyon, si Demetrius, na silversmith, kasama ang kanyang mga kapwa silversmith ay nagsimula ng kaguluhan dahil sa sinabi ni Paul na ang mga diyos na inukit ng tao ay hindi diyos. Ang

kanilang negosyo ay tiyak na malulugi. Tinipon niya ang mga kasamahan at lahat sila ay nagsiklab sa galit. Nagkaroon ng pagkakagulo kaya sinugod at binitbit nila ang mga kasamahan ni Paul na sina Gaius at Aristarchus. Nais sanang pumunta ni Paul sa gitna ng kaguluhan subalit hindi siya pinayagan ng kanyang mga kasamahan.

*Macedonia at Greece (57 AD).* Nang humupa na ang kaguluhan, pinatawag ni Paul ang mga disipulo. Matapos niya silang palakasin, siya ay nagpaalam na upang magtungo sa Macedonia. Binigyan niya ng encouragement ang mga kapatiran na dinaanan niya hanggang makarating siya sa Greece. Nanatili siya roon ng tatlong buwan at nang marinig niyang may masamang balak sa kanya ang mga Judio nang siya ay maglalayag na patungong Syria, nagdesisyon siyang bumalik sa pamamagitan ng Macedonia.

Sinamahan siya ni Sopater, na Berean. Ang ibang mga kasamahan katulad ng mga Thessalonians na sina Aristarchus at Secundus, Gaius ng Derbe at Timothy at mga Asians na sina Tychicus at Trophimus ay nauna na sa Troas. Subalit sila Paul ay umalis sa Philippi matapos ang mga araw ng Unleavened Bread at nakarating sila sa Troas sa loob ng limang araw. Nanatili sila roon ng pitong araw.

Sa huling araw nila sa lugar na iyon, sadyang hinabaan ni Paul ang pagsasalita niya sa mga kapatiran. Si Eutyclus, na naka-upo sa bintana habang nakikinig, ay nakatulog at nahulog mula sa ikatlong palapag ng building at namatay. Bumaba si Paul, kinalong ang binatilyo at sinabi sa kanila na huwag mabahala sapagkat ito ay buhay.

Pag-alis nila sa Troas, naglayag ang mga kasamahan ni Paul sa Assos at siya ay naglakbay sa lupa. Nagkita sila sa Assos at nagtungo sa Mitylene, dumaan sa Samos hanggang makarating sa Miletus. Sa lugar na ito, ipinatawag niya ang mga matatanda ng Ephesus upang magpaalam sa kanila sapagkat alam niyang walang kasiguruhan kung ano ang haharapin niya sa Jerusalem. Pinagbilinan ni Paul ang mga matatanda roon na bigyan ng atensyon ang kanilang mga sarili at ang kawan na ipinagkatiwala sa kanila ng Banal na Espiritu, alagaan ang iglesya ng Diyos na Kanyang tinubos sa pamamagitan ng Kanyang sariling dugo.

Habang nasa Macedonia si Paul, sinulatan niya ng ikalawang beses ang mga taga-Corinth. Sumulat din si Paul sa mga taga Roma.

#### Ang Pagkabilanggo ni Paul sa Caesarea (58-60 AD)

Pag-alis nila sa Miletus, naglayag na sila Paul, dumaan sila sa Rhodes hanggang Patara. Mula roon ay sumakay sila ng barko na dumaang sa Tyre. Nakipag-ugnayan sila sa mga disipulo doon sa loob ng pitong araw. Sa pamamagitan ng Banal na Espiritu, hinadlangan nila si Paul na huwag pumunta sa Jerusalem. Subalit matapos manalangin, nagpaalam na sila sa isa't isa.

Pagdating nila Paul sa Ptolemais, nakasama nila ang mga kapatiran doon ng isang araw. Kinabukasan, nakarating sila sa Caesarea at tumuloy sa tahanan ni Philip. Habang naroon sila, kinuha ni Agabus, na propeta mula sa Judea, ang sinturon ni Paul. Iminuwestra niya kung paanong igagapos ng mga Judio sa Jerusalem ang may-ari ng sinturong iyon. Mas lalong pinigilan ng mga kapatiran si Paul na huwag nang magtuloy sa Jerusalem subalit hindi pa rin ito nagpapigil.



Sumama kina Paul ang mga disipulo na taga-Caesarea. Pagdating nila sa Jerusalem, nagtungo siya kay James at ang mga matatanda ay naroon din. Minsan pa ay isinalaysay niya sa kanila kung ano ang ginawa ng Panginoon sa mga Gentiles sa pamamagitan ng kanyang pagmiministerio.

Inaresto si Paul sa Temple. Nalaman ng mga Judio mula sa Asia na si Paul ay nasa templo. Nagsimula sila ng kaguluhan at hinikayat ang mga naroon. Inilabas nila si Paul sa temple, pinagbubugbog ito at pinag-iisipan na siya'y patayin. Tumigil lamang sila nang dumating ang tribune na umaresto kay Paul at iginapos ito. Bago siya itapon sa loob ng barracks, sinabi ni Paul sa tribune na siya ay isang Judio na taga-Tarsus at hiniling niya na siya ay makapagsalita. Kinausap ni Paul ang mga tao sa Hebreo. Sinabi niyang siya ay isang Judio, ipinanganak sa Tarsus at nag-aral sa ilalim ni Gamaliel. Isinalaysay niya kung paano niyang pinersecute ang mga mananampalataya hanggang sa katagpuin siya ng Panginoong Jesus sa daan patungong Damascus.

*Si Paul at ang Roman Tribune.* Nagsisigawan ang mga tao at nagkakagulo na kaya iniutos ng tribune na dalhin na si Paul sa barracks upang siya'y latiguhin. Nang akmang lalatiguhin na si Paul, tinanong niya ang centurion kung naaayon ba sa batas na latiguhin ang isang Roman citizen. Natigilan ang centurion at kinausap ang Tribune. Nalaman ng tribune na si Paul ay mamamayan ng Rome mula kapanganakan at hindi tulad niya na nagbayad ng malaking halaga upang makamtan ang citizenship na ito. Kinabukasan, ihinarap ng tribune si Paul sa council sapagkat nais niyang malaman kung bakit inaakusahan ng mga Judio ang taong ito.

Pagharap ni Paul sa council, dahil sa kanyang mga sinasabi, nagkaroon ng pagtatalo ang mga Pharisees at Sadducees. Naging mapusok ang kanilang pagtatalo kaya iniutos ng tribune na kunin si Paul at ibalik sa barracks.

Nalaman ng tribune na pinaplano ng mga Judio na patayin si Paul kaya inutusan niya ang kanyang mga tauhan na dalhin ito sa Caesarea kay Governor Felix.

*Paul nakakulong sa Caesarea (60 AD).* Pagdating nila Ananias, Tertullus at mga matatanda sa Caesarea, binigyan ni Governor Felix ng pagkakataon si Paul upang ipagtanggol ang kanyang sarili. Pinaalis niya ang mga Judio at ipinabalik ni Felix si Paul sa barrack. Makalipas ang ilang araw, isinama ni Felix si Drusilla, ang asawa niyang Judio, at ipinatawag niya si Paul upang mapakinggan ang mga sasabihin ni Paul patungkol sa kanyang pananampalataya sa Panginoong Jesus.

*Festus (62 AD).* Pagkagaling sa Jerusalem, nagtungo si Festus sa Caesarea upang dinggin ang kaso ni Paul. Matapos magdiscurso, hiniling ni Paul na nais niyang umapila kay Caesar.

Makalipas ang ilang araw, dumating sina Haring Agrippa at Bernice. Inilatag ni Festus sa hari ang kaso ni Paul. Dininig ng hari ang discurso ni Paul. Inihayag niya rin kung paano siya kinatagpo ng Panginoong Jesus sa daan patungo sa Damascus. Nag-usap-usap sina Agrippa, Festus at iba pang kasamahan nila at sila ay nagkasundo na hindi nararapat patawan ng parusang kamatayan si Paul. At kung hindi lang nito hiniling na umapila kay Caesar, maaari na sana siyang lumaya.

#### Unang Pagkakabilanggo ni Paul sa Rome (61-63 AD)

Napagdesisyunan nina Agrippa, Festus at ibang mga kasamahan na dalhin sa Rome sina Paul at ang iba pang mga preso. Kasama ni Paul si Aristarchus, ang Macedonian na nagmula sa Thessalonica.

Kinabukasan nasa Sidon sila. Mabait ang pagtrato ni Julius, na centurion, kay Paul. Hinayaan niyang makapunta si Paul sa kanyang mga kaibigan upang siya ay maalagaan. Matapos doon ay naglayag na sila sa open sea sa coast ng Cilicia at Pamphylia at dumagang sila sa Myra. Mula doon ay sumakay muli sila ng barko patungo sa Italy. Malakas ang hangin kaya mabagal ang kanilang biyahe. Naging mapanganib na ang biyahe nila kaya kinausap niya ang mga nagpapatakbo ng barko subalit hindi siya pinakinggan ng mga ito.

Tatlong araw na silang dinadala ng hangin sa magkabila. Pinilit ni Paul na kumain ang kanyang mga kasamahan at sinabi niya sa kanila na kinausap siya ng anghel ng Diyos at sinabi sa kanya na hindi siya dapat matakot sa kanyang pagharap kay Caesar.

Sa 14th na gabi ng kanilang paglalayag, napadpad sila sa Adriatic Sea. Napansin nilang mayroong beach ngunit hindi nila alam kung nasaan na sila. Natamaan nila ang isang reef. Inisip na ng mga sundalo na patayin ang mga preso subalit hindi pumayag ang centurion dahil nais niyang maligtas si Paul.

Nalaman nilang ang lugar na iyon ay Malta. Maluwag silang tinanggap ni Publius, na chief ng lugar na iyon. Nagkataong ang ama ni Publius ay may sakit. Ipinanalangin ito ni Paul at ito ay gumaling. Kaya lahat ng may karamdaman sa lugar na iyon ay lumapit kay Paul at sila ay gumaling din.

Matapos ang tatlong buwan, ipinagpatuloy nila ang kanilang paglalayag. May ilang lugar pa silang dinaanan hanggang makarating sila sa Rome. Si Paul ay hinayaang mapag-isa kasama ang sundalong nagbantay sa kanya. Makalipas ang tatlong araw, pinatawag ni Paul ang mga local leaders ng mga Judio. Kinausap niya ang mga ito.

Mayroong araw na ibinigay sa mga Judio upang mapakinggan si Paul sa kanyang pangangaral. Ang iba ay naniwala, ang iba naman ay hindi. Nanatili siya sa lugar na iyon sa loob ng dalawang taon.

Habang nakakulong si Paul, sinulatan niya ang mga Ephesians, Philippians, Colossians at si Philemon.

63-65 AD. Sumulat si Paul ng kanyang unang liham kay Timothy mula sa Macedonia. Sinulatan din niya si Titus mula sa Nicopolis.

64 AD. Sinulat ni Peter ang kanyang unang liham.

66 AD. Sumulat si Paul kay Titus.

67 AD. Muling sumulat si Paul kay Timothy. Sinulat naman ni Peter ang kanyang ikalawang liham.

68 AD. Naisulat ang liham para sa mga Hebrew. Sa taon ding ito nabuo ang sulat ni Jude.

90 AD. Sinulat ni John ang kanyang unang liham.

92 AD. Sinulat ni John ang kanyang ikalawang liham.

94 AD. Sinulat ni John ang kanyang ikatlong liham.

95 AD. Sinulat ni John ang Revelation sa Patmos.

### Kailan at paano namatay ang mga Apostol?

**Summary:** Ang nabanggit lamang sa Bibliya ay patungkol sa pagkamatay ng dalawang Apostol, si James na pinatay ni Herod Agrippa I noong 44AD at si Judas Iscariot na binawian ng kanyang sariling buhay sa pamamagitan ng suicide after the death of Christ. Malalaman din ang detalye ng pagkamatay nina Apostles John the Beloved, Bartholomew at Simon the Canaanite, sa pamamagitan ng tradition or early historians. Ang tungkol naman sa pagkamatay ng natitirang Seven Apostles ay malalaman sa pamamagitan ng tradition o ang mga writings noong early Christian historians.

Ayon sa tradition at sa Bible, walo sa mga Apostle ang namatay sa pagiging Martyrs. At ang dalawa sa kanila ay ipinako sa krus, ito ay sina Peter at Andrew.

Simon called Peter by Christ died 33-34 years after the death of Christ. Ayon sa Smith's Bible Dictionary, mayroong "satisfactory evidence na si Simon Peter at Paul ay mga founder ng Church of Rome at doon na rin sila namatay. Ang martyrdom ng dalawang ito, at kung kailan at paanong paraan sila namatay ay hindi tiyak. Ayon naman sa early writers, Peter died at or about the same time with Paul, and in the Neronian persecution, A.D 6768.

Ang mga tao ay sumang-ayon na si Peter ay ipako sa krus. Ayon naman kay Origen, naramdaman ni Peter na siya ay hindi karapat-dapat mamatay sa paraang katulad ng pagkamatay ng kanyang Master, kaya naman hiniling niya na siya ay ipako sa krus with his head downward.

*James the Son of Zebedee.* Siya ay pinatay ni Herod Agrippa I sa pamamagitan ng tabak, ilang sandali bago ang araw ng Passover, noong taong 44 AD o 11 years bago ang kamatayan ni Jesus. (Acts 12:1-2). Siya ang unang namatay bilang martyr noong nasa Jerusalem. (From Wikipedia)

*John.* Walang ibigay ang early writers na petsa tungkol sa kamatayan ni John. Ang petsa ng kanyang kamatayan ay ibinase lamang sa mga nakatala o sa mga pangyayari between 89 AD to 120 AD.

*Andrew.* Walang ibinigay na accurate na petsa ng kanyang kamatayan. Ang iba't-ibang tradition ay nagsasabi na siya ay nangaral sa Scythia, sa Greece, sa Asia Minor at sa Thrace. Iniulat na siya ay ipinako sa krus sa Patrae in Achaia.

*Philip.* Katulad ng ibang mga Apostol, ang kamatayan ni Philip ay walang accurate na impormasyon. Ngunit ayon sa tradition, siya ay nangaral sa Phrygia at namatay sa Hierapolis.

*Bartholomew.* Walang impormasyon tungkol sa kanyang kamatayan even by tradition.

*Matthew.* Maaaring siya ay namuhay ng maraming taon bilang isang Apostle dahil siya ang author ng Ebanghelyo ni Mateo na isinulat at least twenty years after the death of Christ. Siya rin ay naging missionary sa mga Persians, Parthians at Medes – at ito ay ilan sa dahilan na nagpapakita na siya ay nanatili ng 15 years sa Jerusalem. Siya ay namatay bilang isang martyr sa Ethiopia.

*Thomas.* Ang mga naunang tradition na pinaniwalaan noong ikaapat na siglo ang nagsasabi na siya ay nangaral sa Pathia or Persia at siya ay inilibing sa Edessa. The later traditions carry him farther east. Ang kanyang kamatayan bilang isang martyr ay naganap whether in Persia or India at siya ay namatay sa

pamamagitan ng isang sibat. At ito ay ginugunita ng Latin Church on December 21, the Greek Church on October 6 at by the Native Americans on July 1.

*James Alpheus.* Ayon sa nabanggit sa Bibliya, siya ay namuhay ng limang taon after the death of Christ. Ayon sa tradition, siya ay itinapon sa temple ng mga eskriba at Pariseo at siya ay binato hanggang sa mamatay.

*Simon the Canaanite.* Walang impormasyon tungkol sa kanya, either in the Bible or by tradition.

Jude (Thaddeus). Ayon sa tradition, Siya ay nagturo sa Armenia, Syria at Persia kung saan siya ay namatay bilang isang martyr. Sinasabi sa tradition na siya ay inilibing sa Kara Klisa, ang tawag ngayon sa lugar na iyon ay Iran.

*Judas Iscariot.* Ilang sandali lang pagkatapos ng kamatayan ni Jesus, kinitil ni Judas ang kanyang sariling buhay. Ayon sa Bibliya, siya ay nagpatiwakal (Matthew 27:5) sa Aceldama, on the southern slope of the valley of Hinnom, malapit sa Jerusalem, and in the act he fell down a precipice and was dashed into pieces.

#### Ang mga pangako ni Jesus

Tinuturo ng Bibliya na sa takdang araw ng paghuhukom, haharap sa Diyos ang sanlibutan. Ang mga tupa ay papupuntahin Niya sa kanan at ang mga kambing ay papupuntahin naman sa kaliwa. Sasabihin Niya sa mga tupa: Halikayo, mga pinagpala ng Ama, manahin ninyo ang kaharian ng Diyos na ihinanda para sa inyo noong una pa man (Matthew 25:31-34).

**Promise No.1** Ako ang tinapay ng buhay. Ang sinumang lumalapit sa Akin ay hindi na magugutom, at ang sinumang maniniwala sa Akin ay hindi na mauuhaw (John 6:35).

Sa Matthew 4:4 ito naman ang sinabi ni Cristo: Ang tao ay hindi mabubuhay sa tinapay lamang, kundi sa bawat salita na nagmumula sa bibig ng Diyos.

Ang sabi ni John sa chapter 1, verses 1-3 at 14a, ng kanyang Gospel ay ito: Sa simula ay ang Salita, at ang Salita ay kasama ng Diyos, at ang Salita ay Diyos. At ang Salita ay naging laman, at namuhay na kasama natin. . .

Ang pagkain ng ating katawang lupa ay tinapay, habang ang pagkain naman ng ating kaluluwa ay ang salita ng Diyos. Si Jesus ang salita ng Diyos at Siya ay Diyos.

Dito sa ating bansa, hindi uso ang magbasa ng Bibliya. Kaya naman bibihira ang nakakakilala kay Cristo ng personal. Maaaring ang katawang pisikal ay sakto lang - - hindi mataba ngunit hindi rin naman payat. Kaya, sakto lang. Subalit, ang kaluluwa ay mistulang kalansay na. Gutom na gutom na.

Dahil ang kaluluwa ay espirituwal, hindi ito nakikita ng ating mga pisikal na mata. Kaya ito ay hindi nabibigyan ng pansin kahit na napakalakas na ng kanyang daing.

Kung kayo nga ay tupa ni Cristo, panahon na upang pakainin ninyo ang inyong kaluluwa ng salita ng Diyos.

**Promise No.2** Ako ang ilaw ng sanlibutan. Ang sinumang sumusunod sa Akin ay hindi lalakad sa kadiliman kundi magkakaroon ng ilaw ng buhay (John 8:12).

Si Jesus ang tinapay ng buhay. Siya rin ang ilaw ng buhay.

Tinagurian ng Bibliya na ang mundong ito ay kaharian ng kadiliman. Kaya ang karamihan ng tao sa sanlibutan ay walang pagwawari sa liwanag ng katotohanan na bumabalot sa pagkatao ni Jesus.

Dito sa ating bansa napakarami ang magsasabi na kinikilala nila si Jesus bilang Anak ng Diyos, subalit wala silang interes na kilalanin Siya ng lubusan. Ang dahilan nito ay sapagkat ayaw nilang malantad at mahusgahan ng liwanag ang kanilang mga masasamang gawain na bunga ng kanilang pagnanasang magkamit ng maraming salapi. Totoo ang sinasabi ng Bibliya na ang pagmamahal sa salapi ay isang ugat ng lahat ng uri ng kasamaan at kamalian (1 Timothy 6:10).

Makikilala natin ang mga tunay na tupa ni Cristo sapagkat sila ay nagiging ilaw ng sanlibutan. Ang ilaw na nanggagaling sa salita ng Diyos ay napapasa-kanila at nagsisilbing liwanag sa madilim nilang paligid. Ang liwanag na ito ay ang mga mabubuting gawain na napagmamasdan sa kanilang buhay.

Ang kalooban ng Diyos para sa mga tupa ni Cristo ay ang magkaroon ng katuparan ang mga mabubuting gawa na ihinanda na ng Diyos noong una pa man para lakaran nila sa kanilang pang-araw araw na pamumuhay.

Panahon na upang paglinawin natin ang ating isipan sa pamamagitan ng pag-aaral ng salita ng Diyos.

**Promise No. 3** Ako ang pintuan; ang sinumang pumasok sa pamamagitan Ko ay maliligtas. Siya ay papasok at lalabas, at makatatagpo ng pastulan. Ang magnanakaw ay dumarating upang magnakaw, pumatay at manira; Ako ay pumarito upang sila ay magkaroon ng buhay at maging masagana ito (John 10:9-10).

Ang lahat ng tao ay makasalanan; at ang kabayaran ng kasalanan ay kamatayan. Ito ay hindi mapagkakaila sapagkat lahat ng tao ay mamamatay, sooner or later.

Kaya nga, ang lahat ay nangangailangan ng kaligtasan. Si Jesus ang pintuan tungo sa kaligtasan at tinuturo ng Bibliya na tanging si Jesus lamang ang makapagliligtas ng kaluluwa ng tao; wala ng iba pa.

Dito sa ating bansa, marami ang nagpapanggap na sila ay isinugo ng Diyos upang iligtas ang sanlibutan. Ito ay pinasisinungalingan ng Bibliya sapagkat si Jesus mismo ang nagsabing Siya ang pintuan tungo sa kaligtasan. At ang katotohanang ito ay tinatanggap ng Kanyang mga tupa.

Ang pagtitiwala sa mga pangako ni Jesus, tulad ng mga nakapaloob sa babasahing ito, ay patunay na ikaw nga ay tupa ni Cristo, na sa huling araw ay makakasama ng lahat ng Kanyang tupa na papupuntahin ng Diyos sa kanan, at hindi sa kaliwa kasama ng mga kambing.

Panahon na upang tiyakin mo na ikaw nga ay tupa ni Cristo. Pumasok ka sa pintuan kung saan ikaw ay makasusumpung ng pastulan. Ang Bibliya ay pagkain ng iyong kaluluwa. Huwag mo itong kaligtaan na basahin at pag-aralan.

**Ang Promise No. 4** Ako ang mabuting pastol. Ang mabuting pastol ay nag-aalay ng Kanyang buhay para sa Kanyang mga tupa (John 10:11).

Sinabi ni Cristo na ang Kanyang layunin sa ginawa Niyang pagkakatawang lupa ay ang hanapin at iligtas ang mga nawawala. Tinuturo ng Bibliya na kilala ni Cristo kung sino ang sa Kanya; kung sino ang Kanyang mga tupang nawawala at nakakalat sa balat ng lupa.

Wala ng iba pa sa kasaysayan ng tao at ng mundo na mayroon isang tao na nag-alay ng Kanyang sariling buhay para sa kaligtasan ng makasalanang tao. Si Cristo lamang. At siya ay nabuhay namang muli, sa ikatlong araw, patunay na naging katanggap-tanggap sa hustisya ng Diyos ang ginawa Niyang pagtubos sa Kanyang mga tupa, at patunay din na tunay Niyang nagapi ang kamatayan.

Nabanggit na natin na ang lahat ng tao ay makasalanan; at ang kabayaran ng kasalanan ay kamatayan. Ito ay hindi mapagkakaila sapagkat lahat ng tao ay libingan ang hantungan. Ang tinaguriang Gospel ay ang mabuting balita ng kaligtasan ng Diyos sa pamamagitan ni Jesu Cristo, na Kanyang bugtong na anak.

Ang paghahanap ng mga nawawalang tupa ay ang gawain ng mga pastol na tinawag ni Cristo (ang Mabuting Pastol) upang ipagpatuloy ang paghahanap sa mga nawawalang tupa.

Panahon na upang ang mga kumikilala kay Cristo bilang kanilang mabuting pastol ay makibahagi sa gawaing paghahanap ng mga nawawalang tupa.

**Promise No. 5** Ako ang muling pagkabuhay at ang buhay. Ang sinumang naniniwala sa Akin ay mabubuhay kahit siya mamatay; at ang sinumang nabubuhay at naniniwala sa Akin ay hindi kailanman mamamatay (John 11:25-26).

Ang mga tupa na nasa kanan ay sa langit ang destinasyon, samantalang ang mga kambing na nasa kaliwa ay sa impiyerno. Mahirap lunukin ang katotohanang ito. Subalit dapat nating tanggapin na ang Diyos ang maylikha ng lahat ng tao. Karapatan Niyang pagkalooban ng pagkahabag ang ilan at pabayaan Niya ang ilan sa kanilang pagre-rebelde at pagtalikod sa Kanyang pagmamahal at kabutihan.

Ang Diyos ay hindi tao na kayang unawain ng lubusan. Walang maka-aarok ng Kanyang kalikasan, kalooban at mga layunin. Kaya, huwag sana tayong matukso na ipaliwanag ang kahulugan ng buhay at kamatayan sa abot lamang na makakaya ng ating isipan. Walang tao na makapagpapaliwanag ng mga hiwaga na bumabalot sa mga gawain ng Diyos.

Ang nararapat na gawin ng mga tupa ni Cristo ay ang patuloy na pagtiwalaan ang mga katotohanan na malinaw na ihinahayag ng Bibliya, ang salita ng Diyos. Ating unawaing mabuti ang mga gabay sa buhay na taglay nito para sa isang matagumpay at masaganang pamumuhay.

Para sa mga tupa ni Cristo, kaligayahan natin na matuklasan ang Kanyang plano sa ating buhay. Kaligayahan natin na matutong sumamba sa Diyos ayon sa espiritu at katotohanan. Kaligayahan natin maki-fellowship sa kapwa natin tupa. Kaligayahan natin ang makiisa sa panalangin upang matuklasan nating patuloy ang kabutihan at kalawakan ng biyaya ng ating Mabuting Pastol.

**Promise No. 6** Ako ang daan at ang katotohanan at ang buhay. Walang makaparoroon sa Ama kundi sa pamamagitan Ko (John 14:6).

Maliwanag pa sa sinag ng araw ang katotohanang ito na sinabi ni Jesus. Siya lamang ang daan. Hindi ang lumang daan, matuwid na daan o dating daan. Siya lang!

Mahirap sa tao na tanggapin ang katotohanan na si Cristo lamang ang daan patungo sa Ama na nasa langit. Karamihan ng ating mga kababayan ay naniniwala kay Cristo subalit walang pagtitiwala at parang kulang pa rin ang ginawa Niya sa krus ng kalbaryo. Naghahanap pa rin ng daan patungong langit sa pamamagitan ng iba't ibang kaparaanan at pagsali sa mga organisasyon na nakatutok sa paggawa ng mabuti. Subalit paglipas ng araw, wala pa rin itong kabuluhan. Walang satisfaction at walang kasiguruhan.

Hindi madaling lunukin ang katotohanang nakapaloob sa pahayag ni Cristo na Siya lamang ang daan. Ang tunay na tupa ni Cristo ay matututong magtiwala sa Kanyang mga salita. At patuloy siyang magkakaroon ng pagnanais na mapalapit pa kay Cristo na nagbibigay ng buhay.

Ang mga tupa ni Cristo ay magsusumikap na lumakad sa daan ng katotohanan at buhay tungo sa piling ng Diyos Ama.

**Ang Promise No. 7** Ako ang puno kayo ang sanga. Ang sinumang mananatili sa Akin ay mamumunga ng marami; wala kayong magagawa kung wala Ako (John 15:5).

Maraming tao ang mahilig sa mga halaman. Ang iba naman ay yaong tinatawag natin na may “green thumb” na tunay na nakauunawa sa tamang pag-aalaga ng halaman. Alam nila na upang yumabong ang mga halaman, dapat na tabasin at linisin paminsan-minsan upang ang mga ito ay lumago at magbunga nang sagana. Ang mga sangang ito ay nanatili sa puno nito upang sila ay tumubo ng maayos.

Ang buhay ng isang tunay na tupa ni Cristo ay parang sanga na nakakapit kay Cristo na Siyang kanyang puno. Patuloy niyang kinikilala kung sino ang may hawak sa kanya. Ginagawa niya ito sa pamamagitan ng pag-aaral ng Kanyang salita. Sa ganoong paraan, nadidiskubre niya kung paano siya dapat mamuhay at kung paano niyang magagampanan ng tama ang layunin ng Diyos sa kanyang buhay.

Sinabi ni Jesus na Siya ay naparito upang ang mga sumasampalataya sa Kanya ay mag-karoon ng buhay na masagana.

Ang tunay na tupa ni Cristo ay makapagsasabi na, “I can do all things in Christ Jesus,” kung siya ay mananatili kay Cristo sapagkat without Him, he can do nothing. Kung hindi naman siya mananatili sa puno, wala siyang tagumpay na matatamo sapagkat ang mga bagay na kanyang gagawin ay naaayon lamang sa kanyang mga naisin na hindi magiging kalugod-lugod sa Diyos.

Kung ang tupa ay mananatili kay Cristo, siguradong siya ay mamumuhay ng may kasaganaan. Patuloy niyang matutuklasan at malalakaran ang mga gawaing ihinanda ni Cristo para sa kanya.

=====  
Sources:

1The Reformation Study Bible English Standard Version

2<https://www.biblestudytools.com/topical-verses/parables-of-jesus/>

3<https://www.christianity.com/jesus/life-of-jesus/miracles>

4<https://www.understandchristianity.com/timelines/chronology-jesus-life-minist>

5<https://amazingbibletimeline.com/>  
=====



© March 14, 2020 Conrad Jun Tolosa

All rights reserved. No part of this material may be reproduced, stored in a retrieval system, or transmitted in any form or by any means except for brief quotations for the purpose of review or comments, without the prior permission of the publisher, Philippine Biblical Worldview Foundation, Inc.